# Ang Ikapitumpung Sanlinggo Ni Daniel

Salamat, na marami, Kapatid na Neville. Magandang umaga, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang makabalik dito sa tabernakulo uli sa umagang ito, para ipagpatuloy ang dakilang Mensahe na ito na pinagsusumikapan nating ipaliwanag, itong *Ikapitumpung Sanlinggo Ni Daniel*. At ikinagagalak natin na makita ang napakarami na nagtipun-tipon sa mainit na araw na ito, at ikinalulungkot namin na wala kaming sapat na espasyo para maupuan. Ang makita ang mga tao na siksikan gaya n'yan at nakatayo na lang, di ka mapakali. At kapag di ka kumportable gaya ng kalagayan n'yo, mahirap tuloy sa inyo ang maintindihan maigi ang pangangaral. Pero gagawin natin ang lahat ng makakaya natin para mapabilis ito.

2 At—at, ngayon, umaasa ako na inyong, kung ako'y medyo napapatagal, ay ipagpaumanhin n'yo po ako, dahil ito na 'yung punto kung saan tutumbukin na mismo ang pinaka diwa ng Mensaheng ito, ito na 'yung punto para tumbukin ang pinaka diwa nito. Inilatag natin ito sa tatlong pagkakasunod-sunod para makasigurado tayo na makukuha natin ito.

3 Ngayon, hayan po, ang—ang kongregasyon na narito'y alam nila na ito, o ang mga Mensahe, ay tiniteyp. At ipinapadala po ito sa buong mundo. Halos lahat na bansa sa buong mundo'y nakakatanggap na ng mga teyp na ito. At nais kong sabihin ito sa mga nakikinig sa teyp, kung nasaan man kayo, sa dako ng mundo kung nasaan kayo, na marahil may mga bagay dito na di kayo sang-ayon sa akin sa mga pagtuturo na aking—aking itinuturo. Pero gusto ko lang ipaalam, mga kapatid, marahil, kung magagawa n'yo pong ipaliwanag ang inyong silip dito, na marahil iba 'yun sa aking paniwala. Pero, ikinagagalak kong makinig sa sasabihin n'yo.

4 At isinasaalang-alang ko 'yun habang ipinapangaral ko ang mga Mensaheng ito, mula sa . . . Salita ng Diyos, sa puso ko. Na ito'y para sa pagpapatibay ng Iglesya, para sa buong Iglesya, sa Iglesyang pangkalahatan; Iglesya ni Cristo, na pangkalahatan. At tunay na naniniwala ako na nabubuhay na tayo sa huling araw. At pinagsusumikapan ko na maipaliwanag ito, at hayan nga na di ko ipinagpipilitan na papagsabihin ito, ipaling ito, sa isang liko o sa kabila. Hindi ako kailanman nasumpungan, sa abot ng nalalaman ko, na ginawa 'yan.

5 Maraming beses na ang mga tao sa pakikinig sa mga teyp, at sinasabi nila, "Buweno, di ako sang-ayon diyan. Di niya alam

ang itinuturo niya, di niya alam ang Kasulatan." Buweno, 'yan po'y, marahil totoo naman. Kita n'yo? Di ko sasabihin na di 'yan totoo.

Pero, sa akin po, pinag-aaralan ko—ko talaga Ito, hindi ko ito hinahaluan ng anumang—anumang ibang mga salita . . . Oo't binabasa ko ang sinasabi ng ibang kalalakihan, at ikinatutuwa ko. Anuman 'yan na sabihin ng iba, ikinatutuwa ko. Pero hayan nga—hayan nga na idinudulog ko ito sa Diyos, at lumalagi ako roon hanggang sa kaya ko nang ipaliwanag ito, mula Genesis hanggang Apocalipsis, at pagkatapos ay makikita na angklang-angkla ito sa Biblia. At kung gayon ay alam ko—alam ko na dikit na dikit ito sa tama. At, mangyari po, na kayo nga'y tama, isang dako kung saan ako ay—ay nalihis. At maaari rin na kayo ay mali, o tama, doon kung saan ako ay nalihis, at maaaring kayo rin.

6 Kaya naman, ikinagagalak ko kayong lahat na mabubuting tao rito na nakikinig, sa umagang ito, at sa inyo rin na mga nakikinig sa mga teyp na ito. At tayo . . . Lahat ng ginagawa natin, ang lahat ay para sa Kaharian ng Diyos. Marami akong maiinam na mga kaibigan sa buong mundo, na ikinalulugod ko nang lubos, at naniniwala ako na ako'y gugugol nang Walang Hanggan kasama sila. At di malalagay kailanman sa puso ko na—na dayain ang mga taong ito, sa anumang paraan, bagkus ay magsumikap ako na papangyarihin ang lahat ng magagawa ko para tulungan sila.

7 Dama ko 'yung pakiramdam ni Solomon noong manalangin siya, at ang sabi'y, pagkalooban siya ng karunungan nang sa gayon ay mapangunahan niya ang bayan ng Diyos. Yan po ang taimtim kong pananalangin.

8 Sa mga katulungan ko na narito, sa paligid, nakikita ko si Kapatid na Mercier, at—at Kapatid na Roy Borders, at Kapatid na Neville, at Billy Paul, na anak ko. Nandito rin si Gene sa kung saan, at ang mga kapatiran, sina Teddy, at iba pa. Abot-abot po ang pasasalamat ko sa lahat ng mga taong ito na nagsiparito para tumulong sa akin.

9 Naalala ko di pa katagalan, si Kapatid na Leo, isang—isang pangitain na nagkaroon siya; panaginip, ang sabi niya, isang gabi noong una kaming magkita; na may nakita raw siyang malaking tuktok ng piramide, na nasa mataas na mataas abot sa himpapawid. At naroon daw ako sa itaas na nangangaral, sa kung saan, at umakyat daw siya para masaksihan kung ano bang mayroon dun. At nung makaakyat na siya sa ibabaw ng tuktok nito, haya't, sabi niya, sa di kalayuan sa isang parang kulay-pilak na liwanag, o parang pabilog, nakatayo raw ako dun, nangangaral sa mga tao. At tinawag niya ang pansin ko, at lumingon daw ako sa kanya. Tapos ang sabi niya, "Papaano ka nakapunta diyan? Papaano ba ako makakapunta diyan?"

10 Sabi ko raw, "Leo, walang makakapunta rito. Ang Diyos ang nagdadala sa tao rito. Ngayon, hindi itong lugar na ito ang dapat mong puntahan. Ang dapat mong puntahan ay doon sa ibaba at magpatotoo ka sa mga tao sa ibaba, matapos mo itong makita, na ito'y ang Katotohanan, na Iyon ang Katotohanan." Bumaba raw si Leo, para magpatotoo sa mga tao.

11 Gaanong katagal na ito, Kapatid na Leo? Mga ilang taon na rin, ano? Ilang taon na rin. Mula noon, sa abot ng nalalaman ko, siya po'y nananatiling tapat sa pagtupad nun, nagpapatotoo sa mga tao na ang ministeryo'y galing sa Diyos. Ngayon, at di ko— di ko gusto na sa akin ito manggaling. Kung galing kasi sa akin, ay wala itong mabuting dulot, dahil walang mabuting dulot ang isang tao. Kita n'yo? Kinakailangan na magbuhat mismo sa Diyos.

12 Ngayon, sa pagtanaw ko sa paligid. . .Kahapon ng hapon, nakipagkamay ako sa kaibigan ko, si Kapatid na West. Di ko lang siya makita ngayon, sa loob ng gusali; hayan pala, nakita ko na ngayon, sa umagang ito. At alam n'yo ba kung gaanong kalayo ang minamaneho ng mga taong ito, nanggagaling pa sa— sa Alabama, tuwing Linggo, para makadalo lang dito, mula pa sa Alabama!

13 Si Kapatid na Welch Evans, di ko siya nakita't nakausap nung nakaraang Linggo. May nakapagsabi na nandito siya ngayon. Sila po'y nagmamaneho pa mula Tifton, Georgia, para lang makadalo rito. At ang kapatid na lalaking nakaupo rito, mga kasamahan niya. Napakarami po! Si Kapatid na Palmer na mula pa sa Macon, Georgia. At nakikita ko, sa palagay ko, si Kapatid na babaing Ungren at sila diyan sa likod. Sila po'y galing pa ng Memphis, Tennessee. Ngayon, kung iisipin n'yo. . .At ang iba pa mula sa iba't ibang lugar. Ngayon ko lang nakatagpo ang isang ginang dito na mula pa, doon sa South Carolina.

14 Ngayon, iniisip n'yo ang mga tao rito. . .Tinatanaw ko nga rito, may mga galing pa ng Chicago, at sadya pong mula sa iba't ibang lugar, daan-daang milya ang minamaneho, para lang makadalo sa gawain. Tapos, pagdating dito, walang bakante na maaaring maupuan. Silid na walang aircon; isang luma't mainit na gusali, tapos tatayo sa loob, magpupunas ng pawis. Dinadala ang pera mula sa hapag-kainan, mula sa kanilang mga anak, para makadako rito para makapakinig ng Mensahe. Kaya di n'yo puwedeng sabihin sa akin na wala silang dako. . .sa kabilang ibayo ng ilog na ito, sa isang dako, mayroon talaga silang dako na mapupuntahan, isa sa mga araw na ito? Tunay, mayroon po. Yan ay katapatan! Ang mga taong ito ay nagbibigay ng ikapu. Hindi lang sila dumadako rito, dinadala pa nila rito ang ikapu nila't mga handog, at dinadala ito sa bahay ng Panginoon, na pinagsusumikapang gawin ang tama. Pagpalain ng Diyos ang

mga tapat na taong ito nang sagana! Ang kaawaan at ang biyaya ng Diyos ay mapasakanila.

15 Nakikita ko ang kaibigan kong, si Charlie Cox, sila na mga galing pa ng timog Kentucky. At sa bawat sulok mismo, kung titingnan n'yo, makikita n'yo ang mga tao na nanggaling pa sa iba't ibang lugar.

16 Ito pong kabataang lalaki na nakaupo rito, di ko lang mabanggit ang pangalan niya. Nakatagpo ko siya sa Chicago. Pero taga-roon ka diba sa isang eskuwelahan ng Biblia na may kalayuan dito, sa kung saan, hindi ba? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Springfield, Missouri"—Pat.] Springfield, Missouri; Assembly of God Bible school. Oo. Buweno, mainam 'yan. Kita n'yo, sila po'y mula sa lahat ng dako, na nagpupunta sa maliit na lumang bahay-sambahan na ito.

17 Kung iisipin n'yo, halos, mga halos tatlumpung taon ang nakararaan nung ilagak ko ang batong-panulok nung umagang 'yun, nakatayo ako noon sa Seventh Street, isang bloke ang layo. Di pa ako kasal nun, kabataang lalaki pa lang. At ako po'y nakakita ng pangitain ng mga tao na nagsisiksikan at ang lugar dito'y punong-puno ng mga tao mula sa lahat ng dako. At grabe po ang galak ko noon, habang nakatayo sa likod ng pulpito. At doon din ay sinabi Niya sa akin, "Pero hindi mo ito tabernakulo." At iniupo Niya ako sa ilalim ng kalangitan. At alam n'yo nga ang sumunod pang nangyari na nakasulat sa pahina ng Biblia na nakalapag sa batong-panulok diyan.

18 Lubos-lubos ang pasasalamat ko sa inyo na mga narito. Di ko lang. . . Yan po'y, parang masyadong maiksi, na—na ganoon lang ang sasabihin ko, "Buweno, lubos ang pasasalamat ko sa inyo." Kaya naman ipinapanalangin ko kayo. Kumpiyansa ako sa inyo. Kumpiyansa ako sa inyong mga karanasan sa Diyos. Di ako maniniwala na ang isang lalaki o babae ay magmamaneho ng daan-daang milya para makapunta lang dito, na ipakikita lang ang uri ng damit na suot-suot nila. Sa tingin ko—sa tingin ko di nila gagawin 'yan. Hindi. Di sila magpupunta rito para makita lang. Nagpupunta sila rito dahil isinasapuso nila at sila po'y sinsero sa kaligtasan ng kanilang kaluluwa. Ang dalangin ko nga'y: "Diyos tulungan Mo po ako, tulungan ako na maging kahit papaano'y kumalahati sa sinseridad nila, sa pagsisikap na makapag-ministeryo sa kanila nang lahat ng nasa puso ko, at tumingin sa Diyos."

19 Ang Mensahe, kita n'yo, sa umagang ito, ay nakaguhit dito sa may pisara. Ito po'y para gawing, maipaliwanag ito habang hinihimay ko, para gawing maliwanag para maintindihan n'yo ang sinisikap kong ipangusap.

20 At itong *Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel* ay naging isang katangi-tanging pag-aaral, nang dalawang araw at dalawang gabi na, halos, na ako po'y, hanggang sa dulo ng sanlinggong

ito, na aking, sinisikap na hanapin kung aling salita ang ipangungusap ko para sa Katotohanan. Kailangan kasi itong maihambing sa iba pang bahagi sa Biblia. Kita n'yo? Hindi kasi uubra na kukunin n'yo Itong, isang munting Kasulatan lang at makabubuo na kayo ng—ng isang kaunawaan, at pagkatapos sasabihin, "Buweno, ganito kasi ang sinasabi nito," tapos babawiin at sasabihin, "Buweno, pero dito Ito—Ito nga'y may sinasabi na iba, na salungat *dito*." Hindi po puwedeng ganun. Kinakailangan na ang sasabihin nito ay 'yun at 'yun pa rin sa lahat ng pagkakataon. Kung hindi po ganun, aba't, 'yan nga'y, mali kayo—mali kayo. At sa ganyang paraan ko sinisikap na ituro Ito.

21 Siyanga pala, sa mga teyp, yamang itiniteyp ang mga ito. Ang pinaka malaking kritisimo sa akin patungkol sa mga nasa teyp, na pinupuna ng mga kapatid sa iba't ibang bahagi ng mundo, ay ang paniniwala ko sa biyaya ng Diyos, na ganito raw ang pagtuturo ko, na, "Tayo'y itinalaga na bago pa ang pasimula ng mundo."

22 Mga Pentecostal kong kapatid, haya't, alam ko po na ang pananaw n'yo ay legalista, kita n'yo, at alam ko—alam ko na medyo nakakadismaya ito sa mga pananaw n'yo. Pero maaari n'yo bang gawin, bilang isang Cristianong kapatid, mabibigyan n'yo ba ng sapat na konsiderasyon na lumuhod sa harap ng Diyos, buklat ang inyong Biblia, at hihilingin sa Diyos na ito'y ipaliwanag sa inyo? Magagawa n'yo po ba? Magagawa n'yo po bang kunin ang legalistang pananaw at sikapin n'yo na ito'y pagugnay-ugnayin mula Genesis hanggang Apocalipsis?

23 At, "Ang binhi ng serpiyente," 'yan 'yung pinaka matindi; marami ang di naniniwala riyan. Pero, kung babasahin n'yo lamang sa Genesis, sinabi ng Biblia na ang serpiyente ay may binhi. "At papag-aalitin Ko ang binhi ng serpiyente at Binhi ng babae." Kaya, may binhi ang serpiyente. At kung ang binhi na 'yun ng serpiyente ay espirituwal, kung ganoon si Jesus ay di tao, kaya espirituwal din ang Binhi ng babae. Kapwa sila may kanya-kanyang binhi, at ang pag-aalit ay nariyan pa rin. Ang serpiyente ay may binhi. At kung kukunin n'yo lang ang inyong Biblia, at luluhod at magpipitagang totoo sa harapan ng Diyos, naniniwala ako na ihahayag ito sa inyo ng Diyos.

24 At kung di n'yo ito maunawaan, ako po'y—ako po'y nandito lang, anumang oras, para gawin ang pinaka mainam ko na makakaya para tulungan kayo, mapa-liham man o—o personal na pakikipag-usap, o anuman na maaari kong gawin para kayo ay matulungan. Mangyari nga, na napagtatanto natin na di nga 'yan makapagliligtas ng isang tao, di rin makapaghahatol sa isang tao, pero nakapagdadala nga ito ng Liwanag sa paksa na sinisikap natin nang lubos na makita ng mga tao. Kita n'yo? Ito po'y nagdadala lamang ng Kaliwanagan.

25 Ngayon, sa mga tagapakinig na narito, sinasabi ko ito dahil ang mga teyp, kita n'yo, haya't ang mga teyp ay nakakarating sa lahat, sa lahat ng dako.

26 Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo pansumandali, bago tayo dumulog sa May-akda ng Salitang ito. At ilan po sa mga narito sa umagang ito ang nangangailangan, na sadyang nasasabi nila, "Ako po'y nangangailangan. Oh Diyos, mahabag Ka po sa akin"? Ang Panginoon ang magpala. At sa kanila na makakapakinig ng teyp, kapag napakinggan n'yo ito, nawa'y ipagkaloob ng Diyos ang inyong kahilingan.

27 Makalangit naming Ama, kami po'y mga taong abot-abot ang pasasalamat, gayong di karapat-dapat. Pero dumudulog po kami sa Iyong luklukan ng biyaya sa umagang ito, dahil may paanyaya sa amin na lumapit. Sinabi ni Jesus, "Hilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, Aking gagawin ito." Ngayon, alam po namin na ito'y totoo.

28 At dito sa mga narito, at doon sa—sa lupain na aabutin ng mga teyp na ito, marahil may mga sampung makailang libong ipinanganak na muling Cristiano ang makakapakinig nito. At alam namin, Ama, na sa aming pagkapanganak na muli, haya't ang aming espiritu ay ipinanganak mula sa Itaas. Iyan nga ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu Santo, na sumasaamin. At amin pong napagtatanto na ang Espiritu Santo ay makapangyarihan sa lahat at magagawa para sa amin ang anupaman na mithiin namin na mapangyari. Kaya naman, Makalangit na Ama, amin pong hinihiling na Iyong pakawalan ang pananampalataya namin sa Espiritu na 'yun, para matiyak Nito para sa amin sa umagang ito, at para sa kaluwalhatian ng Kaharian ng Diyos, ang lahat ng mga kahilingang ito at mga mithi, nang sa gayon kami'y mapagaling mula sa aming mga karamdaman at aming mga pagdurusa, nang sa gayon ay mapaglingkuran namin ang aming Diyos nang lahat-lahat sa kaibuturan namin.

29 Iyo pong buksan ang aming mga tainga ng pang-unawa sa araw na ito, at habang sinisikap ko na ihatid ang malaking katanungan na ito, at klaruhin ito sa isip ng mga tao. Ngayon, isinulat ko ito rito, Panginoon, sa papel, at iginuhit din dito sa may pisara, ang tsart na ito, pero ito nga'y di sapat para ito'y maipaliwanag. Ngayon kami po'y tumatawag sa Iyo, dakilang Panginoon na Siyang nagsulat ng Salita, na Siyang nagbigay inspirasyon Dito, na Siyang nagbigay Nito sa propetang si Daniel. At dalangin namin na Iyong ipadala ang inspirasyon sa umagang ito, sa huling mga araw na ito, yamang sinabi Niya na ang Aklat ay sasarhan hanggang sa panahon na ito, na Iyong bubuksan ang aming mga pang-unawa. At magkaroon nawa ng banayad-na-pagkakapunla na pananampalataya sa aming puso na magbubunsod sa Salita na kumapit nang mahigpit at Mabuhay, at magpausbong ng mga punongkahoy ng katuwiran sa aming mga buhay, gaya ng itinakda Rito na gawin. Ang amin

pong pananampalataya sa Diyos, nawa'y matiyak nito ito sa amin sa umagang ito. Sapagkat naghihintay kami ngayon nang may pagpapakumbaba, at iniaalay ang aming mga sarili sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

30 Ngayon, abot-abot ang pasasalamat natin sa umagang ito, para sa katangi-tanging oportunidad na ito muli na buklatin ang mga pahina ng Walang Hanggang Salita ng Diyos.

31 Ngayon, ang dahilan kung bakit iniatang ko sa sarili ko na sikaping ipaliwanag ito, ay dahil tutugaygay tayo sa Aklat ng Apocalipsis, at katatapos lang natin na tugaygayin ang pitong mga kapanahunan ng iglesya. At, mangyari nga, na sa dulo ng ika-3 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis, ang Iglesya'y kinuha mula sa lupa, papunta sa Kaluwalhatian. At sinisikap ko, nang buong puso ko, na maihatid ito sa mga tao, yamang sila'y naghihintay sa isang bagay na mangyayari, dahil nakita nila itong nasusulat sa Aklat ng Apocalipsis, gayong di naman ito inukol sa kapanahunan ng iglesya. At tayo'y mas nalalapit na sa katapusan nang higit sa inisiip n'yo.

32 Ilang gabi na ang nakararaan, si Billy, na aking. . . O, ang manugang kong babae, pala, tumawag siya sa akin, at gabing-gabi na nun, at ang sabi'y may isang lalaki na nagngangalang Andy Herman, na pinsan ko, ang nakaratay, naghihingalo sa ospital. Nagpunta ako para tingnan siya. Binigyan na nila siya ng gamot na pampatulog, ako. . . maraming itinurok, na siya'y nakatulog, at kaya di ako puwedeng makipag-usap sa kanya. Nung sumunod na umaga. . . Hiniling ko sa Diyos na siya'y panatilihing buhay hanggang sa makausap ko siya. Si Andy po'y isang mabuting tao, pero di nga lang siya Cristiano. Hindi siya tiyuhin; siya'y pinsan, naging asawa niya ang isa kong pinsan.

At pagkatapos sabi sa akin ni Tiya Ade, na nakatayo roon, ang sabi niya, "Billy, itong buong walumpung taon ng kanyang buhay, hindi siya nakapaglingkod sa Diyos. Pero," sabi, "itong nakaraang ilang linggo nakaupo siya sa bahay. . ." Siya po'y walumpung taong gulang, mangyari nga, na di na siya gaanong nagbabanat ng buto sa pagtratrabaho. Pero sabi. . .

Tinawag niya ang tiya't ang sabi, "Ade, alam mo ba? Dumating si Cristo sa harapan ko rito, kani-kanina lang."

Tumingin ang tiya sa kanya, sabi, "Andy, baka ano—baka ano. . . Ano bang nangyayari?" Sabi ng tiya. . .

Sabi niya, "Hindi. Nakatayo talaga Siya riyan sa harapan ko, at may sinabi Siya na isang bagay."

Sabi, "Anong sinabi Niya?"

"Huli na kaysa sa inaakala mo."

33 Ilang linggo lang pagkatapos nun, dalawa o tatlong linggo lang, siya po'y na-stroke at naratay na paralisado sa ospital, na naghihingalo. Sabi ko, "Tiya Ade, nakakadismaya na di n'yo

ako tinawagan o tumawag ng iba, para ihanda ang puso niya sa kalagayang ito at sa oras na ito na hinantungan niya ngayon."

34 Hiniling ko sa Panginoon, nung sumunod na linggo, nung ako'y. . . Di na siya makapagsalita, kaya tinanong ko na lang siya. Sabi ko, "Naririnig mo pa ba ako, Tiyo Andy?" At nagagawa pa naman niyang—pa naman niyang itango ang ulo niya't igalaw ang kanyang mga panga. Ipinanalangin ko siya, pinagsisi ko siya sa kanyang mga kasalanan sa harapan ng Diyos. Gusto ko siyang bautismuhan, at maging si Tiya Ade'y gusto rin niyang magpabautismo.

35 At lumakad na ako roon sa pasilyo, para tingnan din ang isang kabataang binibini na ang bahay ay malapit lang dito, na siya nga'y ipadadala na sana noon sa ospital para sa mga baliw, at ang Panginoon ay nagpamalas naman ng dakilang bagay para sa binibini na ito, para makauwi.

Pagkatapos, doon sa paglalakad ko, nakasalubong ko ang isang itim na kapatid na babae, at ang sabi niya, "Hindi po ba't kayo si Kapatid na Branham?"

Sabi ko, "Ako nga."

Sabi niya, "Naaalala mo pa ba ako? Ako si Gng. Drye."

36 Tapos sabi ko, "Oo, sa palagay ko naaalala kita. Si Pete Drye at sila." Sabi ko, "Oo naman, naaalala kita—naaalala kita." Tumingin siya dun sa silid, at nung aming. . . Nagtaka ako kung bakit niya sinabi 'yun. At, doon, si Tiyo Andy ay bumangon na mismo mula sa higaan, at nakaupo na roon, naigagalaw na niya ang kanyang mga kamay at mga bisig gaya ng sinumang tao, sinusubukan niyang ibaba 'yun, ibaba 'yung higaan, para makaalis siya roon at makauwi na. Ngayon sila po'y darating para mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, siya at ang maybahay niya.

37 Kaya, pero ang dahila't ikinuwento ko 'yun ngayon, 'yung sinabing huli na kaysa sa inaakala natin. At naniniwala ako na ipauunawa ito ng *Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel* sa atin.

38 Ngayon, marami sa mga kapatid nating Pentecostal, gaya ng nabanggit ko na patungkol sa teyp, sila nga'y di sang-ayon Dito. Naghihintay sila na dumating ang isang dakila't, bagay na makapangyarihan na mapamalas. At, mga kapatid ko, kung makikinig kayo nang mabuti, at hindi. . . at kung pakikinggan n'yo lang, malalaman n'yo na ang dakila't, makapangyarihang bagay na 'yan ay nangyari na. Nakahanda nang bumalik si Jesus.

39 Ang Iglesya'y umalis na riyan sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis. Walang sinabi dun tungkol sa anuman, kundi ang huling bagay ay ang huling mensahero ng kapanahunan. Tapos, ang mababasa na natin ay tungkol na sa mga Judio hanggang sa pagbabalik muli ng Nobya, sa ika-19 na kabanata. Mula sa ika-6 hanggang sa ika-19 na kabanata'y pawang sa Judio lahat.

Diyan ko nga nais dumako para sa mabuting kaibigan ko na narito noong tinatalakay ko ang Mga Tatak, si Kapatid na Wood, na dati'y pormal na Jehovah Witness, siya at ang buong pamilya niya, na narito sa umagang ito, na 'yung "sandaan at apatnapu't apat na libo" ay hindi't, walang kinalaman na ano pa man sa mga Gentil. Sila'y mga Judio. Kita n'yo? At hindi 'yan ang mistikong Katawan ni Cristo sa lupa ngayon.

Ang Nobya ang mistikong Katawan. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay nabautismuhan tayo tungo sa mistikong Katawan na 'yun.

40 Ngayon, alam natin na sa Aklat ni Daniel dito, kung saan tayo bumabasa, babasahin lang po natin uli dahil ito'y ang Kanyang Salita. Sa ika-9 na kabanata ni Daniel, sa ika-24 na talata.

> *Pitong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan, upang tapusin ang pagsalangsang, . . . upang wakasan ang* pagkakasala, *at upang linisin sa kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang kabanalbanalan.*

Ika-25 talata, "At iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa . . ." Ngayon, 'yan po ang tinatalakay natin, at natapos tayo diyan nung nakaraan na Linggo ng gabi, "pagpapahid sa Kabanal-banalan." Dito naman tayo magsisimula sa umagang ito, sa ika-25 talata. "At inyo nang . . ."

> *Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at* itayong muli *ang Jerusalem* ('yan ang "ang iyong banal na bayan," kita n'yo) *hanggang sa . . . Pinahiran na Prinsipe ay magiging pitong sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo:* at *ito'y matatayo uli na may lansangan, at* mga kuta, at *sa makatuwid baga'y sa mga panahong* mabagabag.

> *At pagkatapos ng anim na pu't dalawang sanglinggo ay mahihiwalay ang Pinahiran, at mawawalaan ng anoman: at gigibain ang bayan at ang santuario ng mga tao ng prinsipeng darating; at ang wakas niyaon ay sa pamamagitan ng* malaking *baha, at hanggang sa wakas ay magkakaroon ng digma mga pagkasira ay ipinasiya na.*

"*At* . . ." Ngayon, tandaan n'yo, 'yan nga'y sa wakas ng digmaan. Narito po ito sa pisara natin dito. "At," ngayon tayo po'y magsisimula sa ibang bagay.

> *At pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa isang sanglinggo: at sa kalahati ng sanglinggo ay kaniyang ipatitigil ang hain at ang alay, at sa paglaganap ng* kasuklamsuklam *ay paroroon ang isang maninira, at*

hanggang *sa wakas,* (’yun, nang lahat), *at pagkapasiya ay mabubuhos* ang *poot sa maninira.*

41 Oh, grabeng aralin! Nabanggit ko po sa maybahay ko nung isang araw, “Iniisip ko nga kung nakukuha ba ito ng mga tao.” Ngayon, gusto ko kasing makuha n’yo ito. Huwag . . . Kung inyo pong, kung kailangan nating manatili rito nang buong araw, tayo’y manatili nga. Ngayon, gusto natin—gusto natin—gusto natin na makuha ito. Kita n’yo? Gusto natin—gusto natin na malaman na ito’y Katotohanan. At, kayo, kung makikita n’yo lang ito! At ibibilin ko, marahil . . .

42 At pagkatapos, kapag natapos, iiwan ko ang tsart dito na nakasabit, at puwede n’yong—puwede n’yong kopyahin ang nakaguhit, pagkatapos. Magpunta kayo rito mamayang hapon, kung kailan n’yo gusto, at kopyahin n’yo ang mga tsart at iba pa. Makakatulong ito para maunawaan n’yo. Yan ang dahilan kung bakit inilagay ko ito riyan, para maunawaan n’yo.

43 Ngayon, magbalik-aral lang tayo nang kaunti para mailatag natin ang batayan. Ngayon mayroong . . . Inaalala ni Daniel ang kanyang mga kababayan, dahil nabasa niya ang propetang si Jeremias, at naunawaan dun na sinabi ni Jeremias na sila’y mabibihag nang pitumpung taon. At nung panahon na ’yun, nakita niya na animnapu’t walong taon na ang ginugugol nila sa pagkakabihag, kaya alam niya na ang oras ay malapit na. Kaya isinantabi niya ang lahat ng ginagawa niya, ibinaba, gaya nun, ang lahat ng maliliit niyang gawain sa pangaraw-araw. Ibinaling ang kanyang mukha sa Diyos, nagsuot ng damit-sako at mga abo, at nag-ayuno at nanalangin, nang sa gayon ay maunawaan niya kung kailan ang panahon na ’yun. Tapos nasumpungan natin, gaya ng binanggit ko na noon . . .

(Maaari mo bang ipaling ’yan, sa direksyong *’yun*, nang kaunti?) Yang bentilador, medyo malakas lang. Minamalat tuloy ako. Tapos . . . (Salamat, kapatid.)

44 Ngayon, heto’t nalaman natin, na si Daniel, hinangad niya ang impormasyon na ito para sa kanyang mga kababayan. At sa palagay ko, kung si Daniel, sa pagbabasa niya tungkol sa mga propeta na nauna sa kanya, at nagkaroon siya ng ganitong uri ng kaunawaan, na siya’y nalalapit na sa katapusan, at dumulog sa Diyos, upang alamin kung gaanong kalapit na ang katapusan, kung ganoon ay matuwid lamang na tayo, sa ating pagkakita na nalalapit na tayo sa dulo ng daan ngayon, gayong hindi damit-sako at abo ang isusuot, bagkus iwawaksi ang mga bagay ng sanlibutan, at ang ating mga pagsusumakit sa buhay na ito, at dumulog sa Diyos, para alamin kung anong araw na ng taon tayo, dahil nakikita natin na nasa wakas na tayo, at kaya ang Iglesya’y marapat lang na mag-ayuno’t manalangin at maging handa na. Kaya ’yan ang dahilan at pinagsusumikapan ko na iatang ito sa aking sarili . . . Yamang di ko nalalaman kung papaano

ito ipaliliwanag, dahil nadadaanan ko lang ito, at sinasabi, “Ang pitumpung sanlinggo na ito ni Daniel,” dahil di ko ito maunawaan. At kaya ’yan ang dahilan kung bakit iniaatang ko ito sa aking sarili ngayon, para sikapin na ipaliwanag ito. At naniniwala ako, sa tulong ng Panginoon, na magagawa ko ito sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, para dalhin ito sa dako, ipakita sa inyo kung gaanong kalapit na talaga tayo sa Pagparito ng Panginoon.

45 Ngayon, si Daniel po’y nasa dalawang taon na lang. Mangyari nga na nakita natin, na, habang nasa pananalangin siya, ang Anghel, si Gabriel, ay pumaroon sa kanya nang madali; at hindi lang ipinaliwanag sa kanya kung kailan lalaya ang kanyang bayan mula sa pagkabihag, bagkus, kalakip din, ang lahat ng itinakda para sa kanyang bayan, lahat mismo ng natitira para sa kanyang bayan. Sabi Niya, “May pitumpung sanlinggo na lang ang natitira para sa Judio.”

46 Tapos, nalaman natin, na Siya’y may anim-na-luping layunin. At ang isa dun, ay tapusin ang pagsuway; at—at ang wakasan ang pagkakasala; papaglinisin ang kasamaan; dalhin ang walang hanggang katuwiran; tatakan ang pangitain at ang propesiya; at pahiran ang Kabanal-banalan.

47 At tinalakay natin, noong nakaraang Linggo ng umaga, na si Daniel ay nasa kalagayang ’yun doon, na nananalangin. Noong nakaraang Linggo ng gabi, ibinigay natin ang mga Kasulatan, para mabasa ng mga tao sa pag-uwi nila. Binasa n’yo ba? Nagustuhan n’yo ba? Maigi!

48 Ngayon, ang anim-na-luping layunin. At nalaman natin na, dito sa ikaanim na layunin, “pahiran ang Kabanal-banalan,” nalaman natin na “ang Kabanal-banalan” ay sumasagisag lagi sa Iglesya, sa Tabernakulo. At ang pinaka huling gagawin, ay ang pahiran ang Kabanal-banalan, ’yan po ang Tabernakulo sa Milenyum na pananahanan Niya habang Milenyum, na atin ngang pananahanan.

49 Ngayon, sa araw na ito, ngayon dadako na tayo sa “Ano ba ang pitumpung sanlinggo?” At ito po ang pinaka mahalagang bahagi mismo, ang pitumpung sanlinggo.

50 Ngayon, alam natin na ang mga Kasulatan ay di kailanman magsisinungaling. Ang mga ito’y Katotohanan mismo. At kung ang Anghel na ito na si Gabriel ay dumating at sinabi kay Daniel na may pitumpung sanlinggo na lang na natitira para sa mga Judio. . . Ngayon, siguro’y ilalapat natin ’yun sa anim-na-araw . . . o pitong-araw na sanlinggo. Pero, sa propesiya ito’y laging inilalahad sa pamamagitan ng talinghaga.

51 At kaya, di maikakaila na sa pagdaan ng kapanahunan, nasa daan-daan at makaulit na daan-daan na mga tao, mga iskolar, mga kalalakihang may kakayahan, ang sinusubukang ipaliwanag kung ano ba ang pitumpung sanlinggo na ito. At

nabasa ko na ang marami sa kanilang mga komentaryo ukol dito. At malaki ang pasasalamat ko kay G. Smith, ng iglesyang Adventist, para sa kanyang mga silip. Malaki ang pasasalamat ko kay Dr. Larkin, para sa kanyang mga silip din tungkol dito. Ang laki nga ng pasasalamat ko sa lahat ng mga bantog na mga iskolar na ito, para sa kanilang silip ukol dito. At sa pagbabasa ko sa mga ito, naliwanagan ako nang husto, na may nakikita akong mga dako na mukhang tama. Pero para kunin ang mga silip na sa palagay ko—sa palagay ko ay gusto kong ipaliwanag, hinanap ko sa encyclopedia, ang "panahon," para alamin kung ano ba ang ibig sabihin ng "panahon."

52 At nasumpungan nga natin dito, mayroon tayo ritong "panahon, panahon, at kalahati ng isang panahon." Ano ba ang *panahon*? Ano ba ang *sanlinggo*? Ngayon, 'yan po'y tatlong libo, apatnaraan at tatlupung taon na ang nakararaan, mula noon, mula nang magsimulang makipag-ugnay ang Diyos sa mga Judio; maraming, maraming taon na ang nakalipas. Si Daniel nga'y noong B.C., at ang panahon noon ay B.C. 538, 538 taon bago si Cristo, noong sabihin niya itong "panahon, panahon, at kalahati ng panahon." At, pitumpung sanlinggo, tingnan n'yo kung saan siya aabutan ng pitumpung sanlinggo. Aba't, siya'y nasa Babilonia pa rin, sa loob ng pitumpung sanlinggo, at sa kabila nun ay sinabi sa kanya ng Diyos na 'yun ang buong panahon mismo na itinakda sa bayan.

53 Ngayon, alam na alam ng iglesya ko rito na sa lahat ng nagdaang mga taon na ito ay lagi kong nababanggit, "Kung gusto n'yong malaman kung ano nang araw sa sanlinggo, tumingin kayo sa kalendaryo. Pero kung gusto n'yong malaman kung ano nang panahon ang kinabubuhayan natin, masdan n'yo ang mga Judio." Yun ang tanging orasan. Hindi nagtakda ng—ng partikular na panahon ang Diyos para sa mga Gentil; walang partikular na haba ng panahon. At diyan sa palagay ko napaglabo-labo ng maraming bantog na manunulat ang bagay na ito, anupa't sinusubukan na ilapat ito sa mga Judio at sa mga Gentil, dahil nga sinabi Niya, "Sa iyong bayan." Pero ang kausap Niya rito'y si Daniel, hindi ang Iglesya; mga kababayan ni Daniel, ang mga Judio. Kung ipagiging Iglesya ang kausap Niya, di mo nga 'yun mailalapat nang lapat sa kung saan; mapapalayo ka—mapapalayo ka, maski dun sa pagparito ni Cristo. Ubos na 'yun sa kung alinmang propetikong sanlinggo na gusto mong paglapatan nun. Ubos na 'yun kung ganoon. Pero ang kausap Niya rito ay yaong mga Judio, kaya ang Judio ang orasan ng Diyos.

54 Naalala n'yo ba rito, di pa katagalan, noong si Kapatid na Arganbright, na taga-California, na bise-presidente ng International Full Gospel Business Men's Association, ay nagpunta sa bahay ko at may dala siya noon na—na teyp; at di po pala teyp, kundi isang—isang film ng pelikula pala, na

kanilang. . . na *Tatlong Minuto Hanggang Sa Maghatinggabi*. Hinango 'yun mula sa isang siyentipikong pananaliksik. Nung mapanood ko ang mga Judio na 'yun dun na bumabalik sila, pabalik ng Jerusalem, pagtapak ko rito sa tabernakulo, haya't ang sabi ko, "Pakiramdam ko po ako'y pinagbalik-loob muli." Marami sa inyo ang tanda pa 'yun. Sabi ko, "Nang mapanood ko ang mga Judio na 'yun na sila'y bumabalik!"

Sabi ni Jesus, sa Mateo sa ika-24 na kabanata, "Kapag nakita n'yo ang punongkahoy ng igos na nagsusupling na." Matatalos n'yo kung ano 'yang nakikita n'yo, kita n'yo, ang mga Judio'y pabalik na!

55 Ngayon, may ilang komentaryo lang ako rito na naisulat. Gusto kong dumako sa mga ito. Ngayon, ngayon, babagalan ko—babagalan ko lang ito, para maisulat n'yo ang mga ito. Ngayon, itong lahat na ito ay naganap, itong mga . . . Ngayon tayo . . . Heto nga 'yung panahon na tinatalakay natin ngayon, lahat ng ito'y nangyari sa . . . Ito po'y sa Judio; wala po itong kinalaman sa Iglesya, na kahit ano man. Anuman mula sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, hanggang sa ika-19, ay wala ni isang kinalaman sa Iglesya. Hindi n'yo 'yun mapapalabas na tama. Sadyang wala 'yun dun.

56 Ngayon gusto ko pong ipaliwanag kung paano ko ito nakita. Ngayon, dito sa pisara, marami sa inyo'y nakikita itong iginuhit ko rito, na mga agwat ng panahon, kung papaano ito pinagagawat-agwat, nang sa gayon ay maunawaan ng lahat. Kayo ba riyan . . . Di n'yo marahil makita diyan sa likuran, sa palagay ko, masyadong maliit ang pagkakasulat. At sulat po ito ni Becky. Naisip ko . . . At, ang larawan pong ito, kung tutuusin may iginuhit ako pero pangit po. Pero, si Becky po ang gumuhit nito, hango sa pagsasalarawan sa panaginip ni Nabucodonosor. At sa tingin ko mukhang babae ang pagkakaguhit, ni Becky, kaysa sa lalaki. Pero, gayumpaman, ibibigay nito—ibibigay nito ang impormasyon, na nais natin.

57 Ngayon, 'yung nababasa natin sa Biblia na may pitumpung sanlinggo na ipinasya sa naturang bayan, ngayon, 'yun . . . wala 'yung kinalaman sa Iglesya. Walang kinalaman ang pitumpung sanlinggo sa Iglesya. Kung mapapansin n'yo rito, sa tsart, inilagay ko ang kapanahunan ng iglesya sa pagitan ng pitumpung sanlinggo na ito.

58 Heto po ito ngayon. May kapatid na lalaki sa Georgia na gumuhit nito para sa atin dito, noong tinutugaygay natin ang mga kapanahunan ng iglesya. At tiyak tayo na naiintindihan natin ang ibig sabihin nito. Itong puting ito sa iglesya rito, ang ibig sabihin nito ay ganap pa ito na apostoliko. At pagkatapos sa ikalawang kapanahunan ng iglesya, nagkaroon sila roon ng doktrinang Nicolaita, o, nagkaroon sila ng mga gawa ng mga Nicolaita; hindi pa nun ito doktrina. Sa ikatlong kapanahunan

ng iglesya, naging doktrina ito. At sa ikaapat na kapanahunan ng iglesya, inorganisa ito, at ’yun ’yung naging sistemang papa sa Roma. At sa—sa ikaapat na kapanahunan na ’yan ng iglesya, ’yun ’yung madidilim na kapanahunan.

Mapapansin n’yo, lahat ng itim na narito’y sumasagisag sa Nicolaitanismo, o Romanismo. Ang puti nama’y sumasagisag sa Espiritu Santo, sa Iglesya. At, kung papaano ngang nagsimula ito noong panahon ni San Pablo, na ang buong apostolikong Iglesya mismo’y puspos ng Espiritu Santo. Pagkatapos nag-umpisang pumasok ang mga aristokrata. Pagkatapos nauwi sa pagsasama-sama nila’t pagbuo ng isang ganap na ibang iglesya mula rito. At mangyaring ’yung munting iglesya’y sinusunog, pinagbabababato, at ipinapakain sa mga leon, at lahat na.

59 Sa repormasyon dumating si Luther, lumiwanag nang mas kaunti, kita n’yo. Sa panahon ni Wesley, nagdulot ng kaunti pang liwanag. Pero sa huling kapanahunan ng iglesya rito, sa kapanahunan ng iglesyang Nicolaita, ito ’yung kapanahunan na ating. . .Di po pala Nicolaita, kundi Laodicea, ’yan ’yung kapanahunan na kinabubuhayan natin. Kung mapapansin n’yo, wala nang masyadong Liwanag pa.

60 May isang tao, noong makita nila ang guhit na ito rito, sabi, “Maghunos-dili ka, Kapatid na Branham! Dakilang panahon kaya ngayon ng kaliwanagan!”

Sabi ko, “Iniisip ko nga, kapag sinala pa ito, mas malala pa nga dapat, kung ang isali mo lang ay ’yung mga tunay na mga dalisay ang puso, na mga ipinanganak na muli ng Espiritu.” Alalahanin n’yo, ito lang ang tanging kapanahunan ng iglesya kung saan si Cristo’y pinalabas ng Sarili Niyang iglesya, silang lahat mismo. Oo’t mabigat ang pag-aangkin natin, pero, “Tunay bang kamit natin?” ’yan ang sinasabi natin dito. Si Cristo ba’y tunay na nasa loob ng iglesya? Tunay pero nasa kakaunti.

61 Ngayon, himayin natin ngayon ang pitumpung sanlinggo ni Daniel. Ngayon sige’t uulitin ko lang po rito; mga ministro ng Ebanghelyo, kung di man kayo sang-ayon dito, ayos lang po. Haya’t nahahati ang mga ito sa tatlong haba-ng-panahon, gaya ng nasumpungan natin sa Daniel 9. Tatlong haba-ng-panahon. Una, isang pitong-sanlinggo na haba-ng-panahon; pagkatapos isang tatlong-dalawampu at dalawa, ’yan nga’y animnapu’t dalawa; at pagkatapos ay isang sanlinggo na haba-ng-panahon. Nahahati ang mga ito sa tatlong iba’t ibang haba-ng-panahon.

62 Ngayon, hinati-hati ko ito rito sa pisara. Ang unang haba-ng-panahon; ang ikalawang haba-ng-panahon; at sa akin pong pang-unawa, sa pamamagitan ng Ebanghelyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay, sa huling panahon, magbabalik muli ang Diyos sa mga Judio.

63 Ngayon, alam natin, sa pamamagitan ng lahat ng mga Ebanghelyo, na itinuro ni Pablo, at itinuro ng iba pa, na ang

Diyos ay magbabalik muli sa mga Judio. Buweno, hayan nga, kung Siya'y magbabalik muli sa mga Judio, paano natin 'yun mailalapat sa panahon ni Daniel? Kinakailangan nating ilapat 'yun sa huling kapanahunang ito. At ito'y pagkatapos na ang Gentil na Iglesya'y nakaalis na, dahil ang pakikipag-ugnay Niya sa Israel ay bilang isang bansa, samantalang ang sa atin ay bilang indibiduwal naman.

64 Ngayon, may ilan akong kasulatan dito na nais kong basahin sa inyo sa pagpapatuloy natin. Ngayon:

> *. . . sa paglabas ng utos na* muling itayo *ang Jerusalem . . .*

Na, ika-14 na araw ng Marso. Kung mayroon sa inyo riyan na gustong isulat ito, sa Hebreo ang tawag n'yo roon ay *N-i-s-a-n*, *Nisan*, na ang ibig sabihin ay "Marso." Ang utos ay ibinigay ng ika-14 na araw ng Marso, B.C. 445, haya't ibinigay ang utos na itayo, itayo muli ang templo. Nauunawaan n'yo marahil ito, yamang nagbabasa kayo ng mga Kasulatan. Hanggang sa ito'y makumpleto, inabot ito ng apatnapu't siyam na taon para kumpletuhin ang templo at ang siyudad, na maitayo ito muli. At gaya nga ng sinabi ng Biblia rito, sinasabi ni Daniel, o ng Anghel kay Daniel, na:

> *. . . ang* mga pader, at ito'y itatayo *sa mga panahong* mabagabag.

At marami sa atin ang maaalala, na noong itinatayo nila ito, may hawak silang mortero sa isang kamay at tabak naman sa kabilang kamay, para magmatyag kung may kaaway. "At ito'y itatayo sa mga panahong mabagabag."

65 Kaya, heto 'yung nasumpungan ko tungkol diyan, dito ko nakuha 'yung mga araw ko. Ngayon, may dalawa, tatlo tayong iba't ibang kalendaryo. Kung babalikan natin 'yung lumang kalendaryo ng astronomiya, haya't makikita nga natin na sa kalendaryong Juliano ay mayroong tatlong daan, animnapu't lima at sangkapat na araw sa isang taon. Itinaon nila 'yan sa pagdaan ng Sardis at ng iba't ibang bituwin, at iba pa. Kanila 'yung inorasan. Ngayon makikita natin, na sa kalendaryong Romano na ginagamit natin sa pamumuhay natin ngayon, ay tatlong daan at animnapu't limang araw sa isang taon, gamit ang kalendaryo na 'yan. Pero sa Cristiano, o sa kalendaryong propetiko, makikita natin na may tatlong daan at animnapung araw lang sa isang taon. Ngayon, magtataka kayo marahil kung paano ba nagsimula ang kalituhang ito.

66 Ngayon, ito po'y masasabi ko lang na pansarili ko lang ito na pananalita. Naniniwala ako na bago ang pangmalawakang pagkagunaw dahil sa baha, noong panahon pa ni Job, at doon, na ang paraan nila ng pagtingin sa oras ay sa pamamagitan ng mga bituwin. At nauunawaan natin, o haya't bago ang panahon na 'yun, na ang mundo'y tuwid ang anggulo. At nang dahil sa

matinding pagkakasala ng tao, nahulog ang mundo, tumabingi ito at dumating ang mga baha, kaya naman may naglalakihang mga gleysyer tayo ng mga yelo, at iba pa, at ang buong hilaga at timog polo ng mundo'y puno ng yelo. Alam natin 'yan. At ang mundo'y hindi tuwid ang anggulo. Ito nga'y nakatabingi. Yun ang nagbunsod na ito'y mawala sa puwesto ng buwan at mga bituwin, kung saan sila tumitingin noon, at nawala 'yun sa puwesto. O—o, hindi na kayo makapag-ooras nang eksakto gamit 'yun, dahil kumiling na, tumabingi na. Kaya naman, di na tumutumbok nang maayos sa mga bituwin na 'yun di gaya noong una, dahil ito'y—ito'y nawala na sa pagkakalinya sa mga bituwin na 'yun. Nauunawaan n'yo ba? Naniniwala ako na ganoon nga.

67 Nasadlak sa kalagayang 'yun. At ipinapakita lang n'yan na ito'y sa haba lang ng panahon. Nakikita n'yo ba? Pero para sa Diyos haya't ang mga bagay-bagay ay hindi mismo nawala sa pagkakaayos. Hinahayaan lang Niya na maging ganoon ang kalagayan nang kaunting panahon. At tunay na naniniwala ako na ipinangyari lang ito.

At itong huling mga araw na ito ay panahon kung kailan ihahayag ng Diyos ang mga lihim na ito sa Iglesya. Hindi pa Niya ito nagagawa noon. At ang dahilan kung bakit di Niya ito ginawa noon, ay upang mapanatili ang Iglesya na nagbabantay at nananalangin sa tuwina, yamang di nalalaman kung kailan ito darating. Pero kung maaalala n'yo, sa Daniel 12, ang sabi Niya, "Ang mga pantas ay makakaunawa sa huli, sa huling araw na ito." Kita n'yo? Ibinibigay ito sa kanya.

68 Ang Espiritu ng karunungan ay dumarating sa Iglesya, para ipabatid sa Iglesya, sa pamamagitan ng kapahayagan ng Espiritu Santo, dinadala papasok ang Iglesya't hinahayag kung anong araw na tayo nabubuhay. Tulad ng kung papaanong si Gabriel ay nagtungo kay—kay Daniel, ang Espiritu Santo'y magtutungo sa Iglesya sa huling mga araw, para ihayag itong mga dakila't, malalalim, na mga lihim na bagay. Nauunawan n'yo na po ba?

69 Ngayon, guguluhin nun ang astronomikong taon o ang Julianong panahon, kalendaryo, kita n'yo, masonikong taon, dahil ang mundo'y nakatabingi. Alam nating lahat 'yan, sa pag-aaral natin sa eskuwelahan. Haya't nawala ito sa anggulo, kaya naman ang mga iyon, ang mga bituwin na 'yun, ay di na sasakto ang pagdaan nito sa linya ng daigdig di gaya dati. Kaya naman, ang kalendaryong Romano ay mali, rin, dahil di n'yo mailalapat nang tama ang mga araw nun. Napakarami ngang puwede kong sabihin tungkol dito. Nakita natin, sa kalikasan mismo, na itinuturo sa atin na may eksaktong tig-tatatlumpung araw lang sa isang taon.

70 Ngayon, kunin lang natin itong Apocalipsis kung saan dadako tayo rito sa panahon ng dalawang propeta. Ang sabi ng

Biblia, "Nagpropesiya sila nang isang libo't dalawang daan at tatlong-dalawampung araw." Ngayon, subukan n'yong gamitin ang kalendaryong astronomiya, tiyak na di 'yun sasakto nang husto sa pagiging tatlo at kalahating taon. At gamitin n'yo ang kalendarong Romano na mayroon tayo ngayon, hindi sasakto nang husto. Pero gamitin n'yo ang propetikong kalendaryo, at eksaktong sanlibo at dalawang daan at tatlong-dalawampung araw, kung tatlumpung araw ang isang buwan. Kita n'yo?

71 Ang mayroon tayo ngayon ay tatlumpung araw sa ilang buwan, tatlumpu't isa sa sunod, dalawampu't walo sa isa. Kita n'yo, napaglabo-labo natin. Pero sa Diyos nga'y hindi ganito na paiba-iba, mahaba-at-maiksi, sobra-at-kulang. Tinataon Niya ito nang eksakto sa tuwina. Siyanga, po. Sakto't pare-pareho, tatlumpung araw sa isang buwan; hindi tatlumpu't isa, tapos tatlumpu, paiba-iba. Kita n'yo? Mangyari nga na ang lahat ng 'yan ay ganap na ipinangyari sa dakilang pamamahala ng Diyos, para ang Iglesya'y magbantay at manalangin lagi, handa lagi, na ang suot ninyong mga damit ay nahugasan sa Dugo ng Cordero. Pero, oh, sa huling mga araw na ito, nangako Siya! Uh-huh. Ngayon nakikita na natin kung saan tayo nabubuhay. Ngayon, alalahanin n'yo, ang layunin, ang tanging layunin, ay ang gawin ito.

72 Ngayon, kung may pito. . .Tingnan n'yo, may apatnapu't siyam na araw esksakto. . .apatnapu't siyam na taon, ang ibig kong sabihin, noong panahon na itayo ang gusali ng templo. Ang pitong tinutukoy, ay pitong propetikong sanlinggo, pitong sanlinggo, dahil may pitong sanlinggo na ipinasya sa templo, para itayong muli ang templo. At ito'y itinayo nang eksaktong apatnapu't siyam na taon. Ngayon alam na natin ang ibig sabihin ng panahon na sanlinggo, dahil kung sinabi ng Biblia, sinabi ng Anghel, na pitong sanlinggo ang gugugulin para itayo ang templo. At eksaktong apatnapu't siyam na taon nga ang pagpapatayo nila sa templo, mula—mula noong ika-14 ng Marso hanggang B.C. 5—538. Hanggang nung ang templo'y ipinanauli muli, at ang mga lansanga'y maipanauli muli, haya't saktong apatnapu't siyam na taon. Kaya, anong katumbas ang nakuha natin? Anong katumbas ang nakuha natin? Dahil, kung ang katumbas ng pitong sanlinggo ay apatnapu't siyam na taon, kung ganoon ang sanlinggo ay katumbas ng pitong taon. At ang pitong makapito ay apatnapu't siyam nga. Sakto mismo. Hayan ito.

73 Kaya ngayon wala nang pahaka-haka pa patungkol dito. Alam na natin ngayon na ang bawat sanlinggo'y ang katumbas ay pitong taon. Nakuha n'yo ba? Sige't sabihin po natin nang sabay-sabay: "Ang sanlinggo'y ang katumbas ay pitong taon." Ngayon alam na natin na nakuha natin ito. Ang sanlinggo'y ang katumbas ay pitong taon.

74 *Heto* tayo, dumako tayo rito, sa unang sanlinggo. Apatnapu't siyam na taon hanggang sa ang templo'y maitayo muli. Ngayon,

itong linya sa itaas ay sumasagisag sa bansang Judio habang tumutugaygay ito. Ito 'yung panahon. At nung mapunta ito rito, umalis 'yun sa bansang Judio, napunta sa panahon ng Gentil. Tapos babalik uli at babalikan ang Israel, at tutugaygay muli.

75 Ngayon, ang mga Gentil ay hindi tinakdaan ng anumang partikular na panahon. Ang pagkakasabi lang, "Panahon ng mga Gentil." At nalaman natin, maging si Jesus ay di sila tinakdaan ng partikular na haba ng panahon. Haya't makikita natin dito, sa Lucas 21:24, ang sabi Niya, "Yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem hanggang ang Gentil . . ." Sige po't sisipiin ko lang. Binabanggit ko lang po kasi mula sa memorya ko. Hayaan n'yong basahin ko ito, dahil mailalagay ito sa teyp dito, at gusto nating matiyak na tama talaga ang pagkakakuha. Sige po, kung gusto n'yong makibuklat kasama ko, dito lang po sa Lucas 21:24. Pinag-aralan ko ito nang husto, sa abot ng mainam kong makakaya.

> *At sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng talim ng tabak, at dadalhing . . .*

Sino ang tinutukoy Niya rito? Mga Judio. Yan 'yung pagkawasak ng templo, noong A.D. 70.

> *. . . at dadalhin* silang *bihag sa lahat ng mga bansa: . . .*

Ngayon alalahanin n'yo, hindi lang patungong Babilonia, hindi lang doon sa Roma, kundi sa "lahat ng mga bansa." Nandiyan nga ang Judio ngayon, "lahat ng mga bansa."

> *. . . at yuyurakan ang Jerusalem ng mga Gentil, hanggang sa matupad ang* panahon *ng mga Gentil.*

76 Pagkatapos, may itinakdang panahon nga, pero walang nakakaalam kung kailan ba ito. Kita n'yo? Isa itong hiwaga, kita n'yo, 'yung panahon ng Gentil. Pero, ang mga Judio . . . Kaya, di natin masasabi ang panahon sa pagtingin sa Iglesya kung ano na ba, kung Ito ba'y tumalikod o kung Ito ba'y nagpapatuloy, o kung anong ginagawa Nito. Di n'yo nga masasabi sa ganoon. Pero, sa mga Judio kayo tumingin, hayan nga ang kalendaryo ng panahon. Nakikita n'yo ba? Nagtakda ang Diyos sa kanila ng eksaktong araw, oras, at panahon, pero hindi Siya nagtakda ng tulad nun sa mga Gentil. Nagtakda Siya sa mga Judio, kaya antabayanan natin ang mga Judio, nang sa gayon makita natin kung nasaan na ba tayo.

77 Ngayon, ngayon, ang pitong sanlinggo ay apatnapu't siyam na taon. Maliwanag na ito sa atin ngayon, na ang sanlinggo ay— ang sanlinggo ay pitong taon; sanlinggo, pitong taon.

78 Ngayon ang sabi sa atin, "Mula sa paglabas ng utos . . ." Ngayon, dito nga nagkaroon ng kalituhan. Ngayon ang sabi sa atin:

> *. . . mula sa paglabas ng utos na* itayong muli ang siyudad hanggang sa Mesiyas (at ang Mesiyas ay si

Cristo, hayan nga) *ay magiging pitong sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo:* (kaya animnapu't siyam na sanlinggo) . . .

Kita n'yo? Buweno. At kung imumultiplika ang pito sa animnapu't siyam haya't lalabas na apatnaraan at walumpu't tatlong taon. Ngayon, isinusulat n'yo ba? Kung gusto n'yong ulitin ko, sige po't ayos lang.

79 Ngayon ang sabi sa atin, "Mula sa paglabas ng utos na itayong muli ang siyudad, hanggang sa Mesiyas, ay pito," (pito, heto po sa una—una, narito) "pitong sanlinggo, at tatlong-dalawampu at dalawa," lalabas, na animnapu't dalawa at pito o animnapu't siyam, animnapu't siyam na sanlinggo. Tapos ang makapitong animnapu't siyam ay apatnaraan at walumpu't tatlong taon. Samakatuwid, hanggang sa Mesiyas . . . Ngayon dumadako na tayo sa bahaging ito *rito*. Hanggang sa Mesiyas, may apatnaraan at walumpu't tatlong taon nga, apatnaraan at walumpu't tatlong taon nga.

80 Ngayon, ngayon, si Jesus, ang Mesiyas, ay pumasok noon sa siyudad ng Jerusalem, habang ipinagbubunyi, sakay sa likod ng isang puting mola, noong Linggo ng Palaspas, ika-2 ng Abril, A.D. 30. Pumasok si Jesus sa Jerusalem sakay sa isang mola noong Linggo ng Palaspas, A.D. 30. At ngayon, ngayon, mula B.C. 445 hanggang A.D. 30, ay saktong apatnaraan at pitumpu't limang taon.

81 Pero, gaya ng nakita na natin, na ang animnapu't siyam na sanlinggo'y ang katumbas ay apatnaraan at walumpu't tatlong taon. Ngayon, diyan nga papasok ang kalituhan, diyan po. Kita n'yo? Lumalabas lang, kung ihahambing sa pananda rito sa Biblia, na ang panahon nga'y, lumalabas na apatnaraan at pitumpu't limang taon lang. At, ang dapat, ay apatnaraan at walumpu't tatlong taon, walong taon ang dipirensya.

82 Ngayon, hindi nga puwedeng magmintis ang Diyos. Kapag sinabi Niya na ganitong karaming araw mismo, haya't ganitong karaming araw mismo. Kapag sinabi Niya ganitong kahaba, ganitong kahaba nga. Kaya anong gagawin natin? Ngayon, ang B.C. 475 hanggang A.D. 30, ay nasa Juliano o astronomiyang mga taon, na tumutumbas ng tatlong daan at animnapu't lima at sangkapat na araw ang—ang bawat isa. Pero kung gagamitin natin ang mga araw sa propetikong kalendaryo natin . . .

83 Ngayon hayaan n'yong huminto lang po ako rito sandali. Nang sa gayon ay malaman n'yo na wala maski anino ng pag-aagam, na talagang di ko matatanggap 'yung isang kalendaryo na 'yun. Matutugaygay ko ito sa buong Kasulatan at kaya kong patunayan sa inyo na ang pitong araw na 'yun ay ang pito na 'yun, ang sanlinggo ay—ay pitong taon, sa Biblia. Napatunayan ko na ito kani-kanina lang, sa Apocalipsis sa ika-13 kabanata, o ika-11 kabanata at sa ika-3 talata. Ang mga propetang 'yun

ay magpropropesiya nang sanlibo't dalawang daan at tatlong-dalawampung araw, na naroon sa gitna ng huling sanlinggo ng mga Judio, na pagkatapos sila'y papatayin at papasok na ang Armagedon. Mangyari ngang kung ganoon, hayan nga ito uli, eksaktong tatlumpung taon sa isang buwan. Kita n'yo? Kaya, di ito—di ito tig-tatatlumpu't isang araw o tig-dadalawampu't walong araw, at kung ano pa. Ito'y saktong talumpung araw sa isang buwan, sa tuwina.

84 Haya't ang suma-total sa atin ng propetikong kalendaryo ay tatlong daan at animnapung araw, gaya ng ginagamit natin ngayon sa mga Kasulatan. Mayroon tayong saktong apatnaraan at walumpu't tatlo. Hayan nga ito, apatnaraan at walumpu't tatlo. Heto nga mismo ang katibayan ng propesiya, mismong katotohanan. Dahil, mula sa pagpapalabas nung kautusan na itayo na ang templo, hanggang sa pagkawasak nito, noong tanggihan nila si Cristo at patayin nila Siya noong A.D. 33, noong patayin si Cristo, ay eksaktong apatnaraan at walumpu't tatlong taon.

Ngayon, mula nang ipalabas ang utos para itayong muli ang Jerusalem, ay itinakda sa pitong sanlinggo, na ang ibig sabihin ay apatnapu't siyam na taon. At lapat na lapat mismo dun ang apatnapu't siyam na taon. Buweno, mula itayo muli ang templo hanggang sa Mesiyas, ay apatnaraan at tatlumpu't walong taon. Kaya, apatnaraan at tat-. . . apatnaraan at tatlumpu't apat na taon. At ang apatnaraan at tatlumpu't apat (na panahon), apatnapu't siyam, ay saktong apatnaraan at walumpu't tatlong taon. Lapat na lapat mismo, eksakto sa araw, mula sa araw hanggang sa araw. Amen! Hayan nga.

85 "Darating ang Mesiyas na Prinsipe." Kita n'yo? Ang makapitong animnapu't siyam ay apatnaraan at tat-. . . at—at walumpu't apat na taon. Eksakto, lapat na lapat mismo. Kaya, heto, nalaman nga natin na ganap, nalaman natin na ganap, na ang Kasulatan na 'yun ay tama. Heto nga ito. Pero, kita n'yo, lahat nitong . . .

86 Noong likhain ng Diyos ang mundo bago ang malakihang pagkalipol sa baha at wasakin ito sa pamamagitan ng tubig, at baguhin ang petsang astronomiya; at pagkatapos ay tinulot ang mga Romano na dumating sa eksena at gumawa ng sarili nilang kalendaryo, na sumasakto't lumalaktaw, at kung ano pa. At sa palagay ko, na, kahit sa encyclopedia na binabasa ko . . .

87 Oo, siyanga pala, si Kapatid na Kenny Collins, nandito ba siya sa gusali sa umagang ito, si Kenneth Collins? Alam mo ba nung magpadala ka sa akin ng malaking bunton na 'yun ng encyclopedia? Naalala mo 'yun? Nagpadala ka sa akin noon ng halos isang truck nun. Sa isip-isip ko, "Ano kayang gagawin ng isang katulad kong walang karanasan sa sangbunton na ito?" Alam mo, pinangungunahan ka pala ng Diyos, Kenny. Doon ko

nakuha ang impormasyon, mula sa lumang encyclopedia na 'yun 'yung, "panahon," at pinag-aralan ko 'yun. At ginagamit 'yun ni Becky sa kanyang eskuwelahan. Dinala ko 'yun sa silid kung saan ako nag-aaral, dun sa pribadong silid ko sa ibaba. At doon nga'y nagpunta kami at dinala 'yun, at doon nga'y tiningnan namin ito, at nahanap namin ito, nang eksakto, sa lahat ng mga kalendaryo at panahon sa nakaraan. Kita n'yo? Haya't, nakuha namin 'yun.

88 Hayan nga ito, eksaktong, apatnaraan at walumpu't tatlong taon. Mula nung iproklama ang utos para panumbalikin ang—para panumbalikin ang gusali, hanggang sa panahon na ang Prinsipeng Mesiyas ay tanggihan, ang suma-total ay eksaktong apatnaraan at walumpu't tatlong taon, sa kalendaryo.

89 Ngayon kita n'yo, gagamitin natin mismo itong parehong kalendaryo rito. Dahil, kung ginamit ng Diyos ang siyaring kalendaryong ito rito, kung ganoon ay gagamitin Niya 'yun sa iba pang panahon sa buong Biblia. Tama ba? Hindi nagbabago ang Diyos. Kaya, kung ang pitong sanlinggo ay apatnapu't siyam na taon, ang pitong sanlinggo sa uulitin ay apatnapu't siyam na taon. Ang sanlinggo ay pitong taon, kita n'yo, kaya lapat na lapat mismo. At kung eksakto 'yun noon nang dulo-sa-dulo, sasakto nga ito nang dulo-sa-dulo uli. Amen! Oh, ang ganda! Ako nga'y nagagalak dahil diyan. Oh, gustung-gusto ko—gustung-gusto ko 'yung ganitong pakiramdam na alam ko ang sinasabi ko. Ako—ako—ako nga'y tuwang-tuwa rito.

Dahil, gaya nga ng sinabi ng isang matandang lalaki, doon sa Kentucky, sa akin, sabi, "Gusto kong makinig sa isang tao na nagsasalita, na alam niya kung ano ang sinasabi niya."

Sabi ko, "Ako, rin po."

Sabi niya, "Yan ang problema sa inyo na mga mangangaral, di n'yo alam ang mga pinagsasasabi n'yo."

90 "Buweno," sabi ko, "tinatanggap ko naman po ang puna n'yo, pero mayroon din namang mga bagay na alam namin kung ano ang sinasabi namin." Uh-huh. Ganoon nga. Alam ko na ako'y ipinanganak na muli. Alam ko na lumikas na ako mula kamatayan patungong Buhay. Alam ko na may Diyos, dahil nakipag-usap na ako noon sa Kanya.

Nangusap na Siya sa pamamagitan ko, at nakipag-usap na sa akin, at nangusap na sa iba, at nagsabi sa akin tungkol sa iba. At alam ko na Siya ay Diyos. Siyanga. Napakabuti Niya na Siya'y bumaba't ipahintulot na makuhanan ako ng litrato kasama Siya, na di maikakaila ng daigdig ng siyensiya. At binuklat ko nga ang Kasulatan at nakita ko na 'yun ay ganap na katuparan sa kapanahunang ito ng iglesya, eksakto mismo sa kung ano ang magaganap, kaya alam ko na nandito na tayo. Amen.

91 Ngayon, di tayo marahil edukado. Hindi tayo tinitingalang tao, at mga bagay na gaya nun. Hindi man tayo mga dignitaryo,

pero kilala natin ang Diyos. Nakikilala natin Siya dahil may isang Espiritu Santo, kita n'yo, at humahambing ito mismo nang Salita-sa-Salita sa buong Kasulatan, kaya naman alam natin na ito'y totoo. Nabubuhay na tayo sa huling mga araw.

92 Ngayon, diyan, tandaan n'yo ngayon, na, itong propetikong taon, na tatlong daan at animnapung araw ang isang taon. Masdan n'yo na lang ang buong paligid. Ang kalikasan, haya't may ilan sa inyo na napagtatanto na ito, maski sa kababaihan, at iba pa. Kita n'yo? Tatlumpu, tatlumpung araw, sige't tingnan n'yo lang na ito—ito'y. . .Ang buong kalikasan ay ganoon ang pagkakaayos. Kita n'yo? Hindi tatlumpu't isa, tapos tatlumpu, dalawampu't walo, o kung ano. Eksaktong tatlumpung araw. Sa bawat taon, 'yan ang propetikong kalendaryo, eksaktong apatnaraan at walumpu't tatlong araw.

93 Dito'y mayroon tayong eksaktong katibayan ng propesiya, apatnaraan at—at apatnapu't limang taon, noon, at eksaktong tumpak. Ngayon, lahat ng iprinopesiya na magaganap. At itong pitumpung sanlinggo ay di kumpletong natapos noon, kaya may natira pa para sa huling mga araw ngayon.

94 Ngayon, mga Pentecostal kong kapatid, ngayon, mga Jehovah Witness kong kapatid, napagtatanto n'yo na ba? Alam n'yo ba kung saan mangyayari ang sandaan at apatnapu't apat na libo? Alam n'yo ba kung saan mangyayari itong lahat ng dakilang mga himala ng Apocalipsis? Doon sa kapanahunang Judio, hindi sa atin. Walang itinala roon, ang paghahanda lamang ng Iglesya at pag-alis. Tunay, na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, nakagagawa tayo ng mga himala at dakilang mga gawa. Alam natin 'yan. Pero ang tunay na bagay ay narito sa mga Judio; ang ibig kong sabihin, heto't ang tunay, na gumaganap na kapangyarihan, gumaganap-ng-himala. Ang apat. . .

95 Hindi diyan makikita ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Nandun sila. . .Hindi sila makikita sa ika-3 kabanata. Nandun sila sa mga susunod pa na mga Kasulatan, sa malayo pa. At ngayon makikita natin na ang lahat ng mga bagay na ito na magaganap, ay narito sa panahong ito ng ikapitumpung sanlinggo, ang huling sanlinggo. Ngayon, kung nagkaroon na sila ng animnapu't siyam na sanlinggo, at nabuhay roon nang eksakto sa paraan na sinabi ng Diyos na mabubuhay sila, at ito'y nangyari nang eksakto sa paraan na sinabi ng Diyos na ito ay mangyayari, kung ganoon ay sanlinggo na lang ang natitira na ipinangako sa Judio. Ngayon, kapatid, maghanda lamang. Kita n'yo? Kita n'yo? Pakinggan n'yo kung gaanong malapit na malapit na tayo. Ang huling sanlinggo, pito, ang ikapitong taon.

96 Ngayon, ang lahat ba'y nakakaunawa na sa puntong ito, nakakaunawa na po ba? Sige't ang lahat ay nakakaunawa na sa

puntong ito, na ito'y ganap na Katotohanan. Ito'y ang Biblia. Ito'y propetikong mga taon.

97 Ngayon umusad tayo, at kita natin sila dito na tinanggihan nila ang Mesiyas, kita n'yo, mula sa . . . hanggang tanggihan ang Mesiyas, ang huling sanlinggo.

98 Ngayon, nais ko lang huminto rito pansumandali at ipaliwanag ito. Na, nung tanggihan nila ang Mesiyas, 'yan nga 'yung, siyempre, tinanggihan nila si Jesus bilang Tagapagligtas, at ipinako Siya sa krus. Alalahanin n'yo rito kung ano ang sinabi ng Biblia, "At Siya'y papatayin, subalit di sa Kanyang Sarili, ang Mesiyas, na Prinsipe." Ngayon bulayin n'yo kung gaanong kalapat ang pagkakatama ng propesiya na 'yan. Nais kong tumimo ito sa inyo. Na, kung lumapat nang eksakto ang propesiya na 'yan sa petsa, nang eksakto sa panahon, at eksakto sa paraan ng pagkakasabi nito kung paano, ito pang ikapito, itong isang pitong-sanlinggo na natitira, o isang pitong-taon, pala, (pitong araw: pitong taon), ay lalapat din nang eksakto mismo batay sa Kasulatan.

99 Ngayon alalahanin n'yo, pinatay Siya, ang Mesiyas. Ang mga Judio, haya't huminto na ang Diyos sa pakikipag-ugnay sa kanila. Hindi na sila umusad pa. Pagkatapos ikinalat sila ng Imperyong Romano. At, pagkatapos, kung mapapansin n'yo rito sa tsart ko rito, gusto kong makuha n'yo ito at iguhit n'yo. Napansin n'yo ba rito kung saan may guhit ako ng krus? Diyan sila tumanggi. Pero ang panahon nga'y humaba pa nang kaunti pagkatapos n'yan, kita n'yo. Bakit? Tatlumpu, apatnapu, limampu, animnapu, pitumpu. Pagkalipas ng apatnapung taon, si Tito, na Romanong heneral, winasak niya ang Israel, ang Jerusalem, at ikinalat ang mga taong 'yun sa buong panig ng mundo. Kita n'yo, si Tito, apatnapung taon pagkalipas. Kaya, kung tutuusin, ang panahon ng Judio ay pinahaba pa hanggang sa ganap na . . .

100 Hindi na nakikipag-ugnay ang Diyos sa kanila. Nakipag-ugnay lamang Siya sa kanila hanggang noong tanggihan nila si Cristo. Mangyari nga na nung ipako nila sa krus si Cristo, sila nga'y sumigaw ng, "Mapasa amin ang Kanyang Dugo at sa aming mga anak," at ganoon nga ang nangyari mula noon. Pero bago sila ikinalat . . . Pakinggan n'yo! Oh, kapatid! Bago sila ikinalat sa buong panig ng mundo, inabot ang Diyos nang apatnapung taon bago wasakin ang templo at ikalat sila sa buong mundo. Pero ang Diyos nga'y hindi na nakikipag-ugnay sa kanila. Hindi na nakikipag-ugnay ang Diyos sa kanila.

Dumako Siya sa mga Gentil at nakipag-ugnay. Alam n'yo ba 'yun, nauunawaan n'yo na ba ngayon? Ngayon, sa puntong ito rito nagpasimula tayo ng mga kapanahunan ng iglesya, ang panahon ng Gentil, na ang Diyos ay lumayo na sa mga Judio.

101 Ngayon, sa misyunero kong kapatid, na humahayo sa—sa—sa mga Judio, isa siyang kalugud-lugod na kapatid na lalaki na nandito sa kung saan. Heto ang gusto kong makuha mo at maunawaan. Kita n'yo, huminto na ang Diyos sa pakikipag-ugnay sa mga Judio sa puntong 'yun noon, dahil ang Diyos ay laging nakikipag-ugnay sa Israel bilang isang bansa. Alam nating lahat 'yan na ang Israel ay isang bansa. Ang Gentil ay isang bayan, at kailangan Niyang kumuha ng isang bayan mula sa mga Gentil, para sa Kanyang Pangalan. Dadako tayo riyan sa ilang mga minuto.

102 Pero ngayon, dito sa pitong kapanahunan ng iglesya na tinugaygay natin, dito sa panahon ng mga Gentil, na mula sa pagkakapako ni Cristo sa krus hanggang sa dulo ng mga kapanahunan ng iglesya. Ngayon nakuha na natin 'yan. Dumaan na tayo riyan, sa buong tugaygay nito. Ngayon padako na tayo sa punto kung saan matutumbok na natin ito, patungo sa Pitong Tatak, Pitong Mangkok, Pitong Pakakak, at lahat ng 'yun, at tingnan ang buong larawan nito ng magkakalakip; pati 'yung buong pakikipag-ugnay sa mga Judio, at ang paghatol ng Diyos sa mga tao sa ibabaw ng lupa. At ang nalabi . . .

103 Alalahanin n'yo, dito sa malawakang panahon ng pag-uusig, nasa milyong mga Gentil ang mamamatay dun. Ang nobya na tinanggihan, ang—ang nalabi ng binhi ng babae, natutulog na birhen, siya'y dadaan mismo dun. Ito'y—ito'y kasing klaro ng pitumpung sanlinggo; ganoong kaklaro. At sila nga'y dadaan dun. Kaya, kung wala pa kayong Espiritu Santo, maiging dumako na kayo Rito nang simbilis na magagawa n'yo. Nandito na tayo sa huling kapanahunan.

104 Ngayon pansinin, pitong kapanahunan ng iglesya. Ngayon, di ko na iisa-isahin ang mga ito, dahil naiteyp na natin 'yun, at iniimprinta na rin 'yun sa mga aklat at lahat. Iyan, iyan nga'y panahon na hindi nagsabi ang Diyos na ganitong karaming araw lang, ganitong karaming oras lang, o ganitong karaming taon; wala Siyang sinabing anuman. Ang sabi Niya, "Hanggang sa ang panahon ng Gentil ay matapos." Sabi, "Hanggang sa!" Ang mga pader ay yuyurakan hanggang sa matapos ang Diyos sa pakikipag-ugnay sa mga Gentil.

105 Ngayon, nalaman natin, na sa mga nagdaang kapanahunan na ito, pumasok ang Espiritu Santo. At pagkatapos ang Diyos, doon sa pasimula, ay nagsimulang sabihin sa kanila, doon noon nang tanggihan si Cristo, ipinakita ng Diyos kay Juan kung ano ang eksaktong mangyayari sa panahon ng pamamayagpag ng Gentil. Ngayon, kita n'yo, wala sa ating ibinigay na limitadong panahon, na katulad sa mga Judio, pero mayroon sa ating tanda. Mayroon tayong—mayroon tayong palatandaan. Buweno, ginawa ng Diyos sa mga Judio nang eksakto ang sinabi Niya na gagawin Niya sa animnapu't siyam na taon na 'yun, o, apatnaraan at walumpu't tatlong taon, dahil animapu't siyam

na sanlinggo nga. At sanlinggo na lang ang natitira, sanlinggo na lang ang ipinasya.

106 Ngayon, di nga natin ’yan mailalapat *dito*, dahil ito’y sa Gentil, sa Iglesya. Ngayon, ilan ang nakakaunawa nun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, ito’y sa Apocalipsis, simula sa unang kabanata, hanggang sa dalhin tayo ng ika-3 kabanata sa Laodicea. Ngayon, nakikita natin mismo kung papaanong ganap na sa Iglesya ito, sa daigdig ng Iglesya mismo. Hindi ibinilang ng Diyos dun ang makasalanan, ito nga’y. . .maliban na lang kung gusto nitong maligtas. Pero, ang daigdig nga ng Iglesya ay ganap na puti; tapos dumating ang mga Nicolaita na gustong bumuo ng organisasyon. Ang mga dignitaryo nga’y nakisali roon. Ito po’y sa Nicaea, Roma, noong isagawa nila ang Konseho ng Nicaea. At anong ginawa nila dun? Inorganisa nila ang iglesya, pagkatapos sinimulan nilang usigin ang Cristiano. Pagkatapos, doon sa sumunod na kapanahunan ng iglesya, halos, ang Cristianismo, sa paraan ng bautismo ng Espiritu Santo, ay halos lubusang nabura.

107 Pero pagkatapos, gaya ng nalalaman n’yo na, na binalikan ko at sinaliksik ang kasaysayan, ang *Nicene Fathers*, at ang *Pre-Nicene Fathers*, at lahat ng talang-kasaysayan ng iglesya, at maging ang pinaka sinaunang manuskrito na mahahanap ko, at bawat isa sa mga ito’y pinatutunayan sa inyo na ang Iglesya na pinatutungkulan ng Diyos ay hindi itong iglesyang Katoliko na inorganisa o anumang ibang organisasyon. Ang tinutukoy ng Diyos, haya’t lahat nung dakilang mga bituwin na ’yun ng kapanahunan, ay mga kalalakihan na nagturo ng bautismo ng Espiritu Santo, ng bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ang pagdating ng Espiritu ng Diyos, at—at pagsasalita sa iba’t ibang wika, at pagbibigay interpretasyon sa mga wika, at pagpapagaling, at mga himala, at mga tanda. Yun ang nilaanan ng Diyos. Hindi Niya babaguhin ang Kanyang isip, sasabihin, “Buweno, ito ang ideya Ko patungkol sa isang Iglesya, ang apostolikong Iglesya; pero ngayon ang ideya Ko na ay isang dignitaryong iglesya.” Hindi nagbabago ang Diyos! Nananatili pa rin itong Espiritu Santo.

108 At sinubaybayan at dinala natin ito, tapos, noong makita natin ang kalikasan ng Diyos at kung ano ang Kanyang. . . at pagkatapos inilatag ang Kanyang Kasulatan. At pagkatapos ay kinuha ang—ang talang-kasaysayan na nagpapakita na ito’y sakto mismo sa pinaka tuldok; eksakto mismo sa pinaka petsa, sa pinaka oras, sa lahat mismo na sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Juan, na mangyayari, haya’t nangyari sa kapanahunan ng Gentil.

109 Ngayon, nasumpungan natin ang ating sarili, nang walang anumang anino ng pagdududa, na nasa Kapanahunan na ng Laodicea. Alam natin na narito na tayo. Dumaan tayo sa Kapanahunan ng Lutheran; dumaan tayo sa kapanahunan ni

Wesley; ngayon nandito na tayo sa Kapanahunan ng Laodicea, ang huling kapanahunan. At napag-alaman natin na bawat isa sa mga iglesya na ito ay may mensahero. Nalaman natin ’yan. Yaong pitong bituwin sa Kanyang kamay, na Pitong Espiritu na humayo sa harapan ng Diyos. Bawat isa’y may mensahero. At tuluy-tuloy tayong tumugaygay at nalaman natin, sa pamamagitan ng Biblia, kung ano ang kalikasan ng mensahero, kung ano ba ang magiging kalikasan ng mensahero na ’yun. At kinuha natin ang lalaki na ’yun sa kasaysayan na may ganoong kalikasan. At pagkatapos noong mahanap natin ang lalaking ’yun sa kasaysayan, na may ganoong kalikasan, nalaman natin na siya ang mensahero sa kapanahunan ng iglesyang ’yun. Pagkatapos nakita natin kung anong Espiritu, at kung ano ang ginawa ng naturang lalaking ’yun. At nalaman natin na siya’y puspos ng Espiritu Santong banal, si San Ireneo, at lahat ng iba pa, at—at si San Columba, at lahat ng mga kalalakihan na ’yun na puspos ng Espiritu. At nalaman natin, sa pamamagitan ng Kasulatan, na ang uri na ’yun ng Espiritu’y mapapasa ganoong uri rin ng tao para sa siya ring kapanahunan na ’yun. Hayan nga, kaya di ’yun maaaring magkamali. Amen! Luwalhatiin ang Diyos! Yun nga’y . . .

110 Di ko alam, kapatid. Pero higit nga ang dulot nun sa akin kaysa sa anupamang ibang bagay na nalalaman ko, kita n’yo, dahil ito’y ang Salita ng Diyos na nangungusap Mismo. Kapag naririnig ko ang Diyos na may ipinapangusap na isang bagay, sasabihin ko, “Amen! Totoo ’yan. Tama ’yan.” Kita n’yo? Yun na ’yun. Wala nang iba. “Diyos na mismo ang nagsabi.” Yun, ’yun na ’yun.

Buweno, sinabi ng Diyos na mangyayari ’yun sa ganoong paraan, at nasumpungan natin ’yun sa kasaysayan at sa pamamagitan ng Kasulatan. Nabasa natin ang tungkol sa kapanahunang ito ng iglesya, kung ano ang gagawin nito, kung ano ang mangyayari, kung anong klaseng mensahero ang para sa kapanahunan ng iglesyang ’yun. “Sa—sa anghel ng iglesya ng Laodicea. Sa anghel ng iglesya ng Sardis, Tiatira,” lahat nitong iba pa. Tapos nagbalik-tanaw tayo sa kasaysayan at hinanap natin ang—ang mensahero ng iglesyang ’yun, at nakita natin kung sino ito. Kaya iginuhit natin ’yun, inilagay natin ang mga pangalan nila sa bawat tapat nun, at hayan nga sila. Kita n’yo, alam natin na lapat na lapat ito.

111 Ngayon, at alam natin na ang Diyos, sa tuwina noon, at sa tuwina kailanman, ay laban sa organisadong relihiyon. Tama, po. Sinabi Niya ’yun. “Mga Nicolaita, Aking kinapopootan!” Ang ibig sabihin ng *Nickao* ay “sakupin ang laity.” Ang *Laity* naman, ang laity ay ’yan “ang iglesya, ang katawan.” Ang ibig sabihin ng *Nickao* ay “sakupin, pangibabawan,” sa madaling salita, “maglagay ng banal na tao, isang tao sa ibabaw ng iba pa.”

Lahat tayo'y mga anak. Mayroon tayong isang Hari, 'yun ang Diyos. Mayroon tayong isa na Yaong Banal, at 'yun ang Diyos. Amen! At Siya'y nasa kalagitnaan natin, sa anyo ng Espiritu Santo. Yun ang Yaong Banal.

112 Ngayon, tumugaygay tayo hanggang sa nasigurado natin na ang—ang kapanahunan ng Judio ay sumusuma sa eksaktong animnapu't siyam na sanlinggo, gamit ang kasaysayan, gamit ang kalendaryo, gamit ang propetikong taon ng Diyos, sinaysay 'yung tungkol sa propetikong kalendaryo, mula sa Lumang Tipan patawid sa Bago, at ipinakita riyan na sakto mismo. Kita n'yo?

Ngayon sinaysay din natin ang iglesyang Gentil mula sa simula, hanggang sa huling araw, at nalalaman na natin na nabubuhay na tayo sa huling araw. Amen! Nauunawaan n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, kung ganoon, kung nabubuhay na tayo ngayon dito sa huling araw, sa dulo ng kapanahunang ito, kung ganoon nasaan na tayo?

113 Pansinin n'yo, dito sa banda rito, nakikita n'yo itong linya na nakaguhit *dito*, kung saan nakipag-ugnay ang Diyos sa mga Judio . . . O, hindi na nakikipag-ugnay sa mga Judio, inabot Siya nang mahabang panahon para ipataw sa kanila. Inabot Siya nang apatnapung taon para ilagay sila sa kalagayan kung saan Kanyang winasak sila, pinakalat sa lahat na mga bansa. Sa buong 'yun, sa panahon ng Gentil, kinailangan Niyang ilagay sila sa kalagayan na 'yun bago Niya ibunsod ang Kanyang Salita na mangyari. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Lahat mismo ng nauunawaan ito, magsabi ng, "Amen!" [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo, gusto ko lang tiyakin na nakukuha n'yo ito.

114 Ngayon anong nangyari? Tumingin kayo rito sa dulo nitong huling kapanahunan ng iglesya. Nakikita n'yo ba ang munting palugit na ito? Patapos na ang mga araw ng Gentil. At sa huling apatnapung taon, ang mga Judio'y bumabalik na mismo sa Jerusalem, bumabalik na sila sa kanilang lupang tahanan. Hallelujah! Nakikita n'yo na ba kung nasaan tayo? Inabot ng apatnapung taon, mula noong patayin ang Mesiyas, hanggang wasakin ni Tito ang templo at pinakalat ang mga Judio. Ito nga'y panibagong apatnapung taon na pinatigas ng Diyos ang puso ng lahat na ng uri ng mga Faraon sa lahat ng dako, at para mapilitan ang mga Judio na bumalik papunta sa kanilang lupang tahanan. Haya't ngayon nakabalik na sila sa lupang tahanan nila muli, at ang Iglesya'y nasa dulo na. Amen! Oh, may—may—may gusto lang po sana akong basahin dito; sige't di muna.

115 Pansinin n'yo, ang mga Judio'y nasa kanilang lupang tahanan na, at marami pa ang bumabalik. Kung babasahin n'yo dun sa *Decline Of the World's War*, ikalawang tomo, noong si Heneral Allenby, matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig,

lumipad patungong Jerusalem at kinuha ’yun, at kinuha ang Jerusalem. At ’yung mga Cristianong kalalakihan ay nagmartsa sa Jerusalem na ang mga sumbrero’y di suot-suot. At si Allenby ay sumuko nang di nagpapaputok ni isa mang baril, o—o, sila’y sumuko kay Allenby, ang mga Turko. At mula nun, pinatigas mismo ng Diyos ang puso ni Mussolini, puso ni Hitler, puso ni Stalin, puso ng mga kalalakihan ng mga bansang ’yun, na anupa’t kinamuhian nila ang Judio.

116 At pagkatapos ang malalaking mga ibon ay lumapag, na tinawag na Eastern Airlines, o Pan American Airlines, o anuman ’yun, sa palagay ko TWA ang pangalan nun, nandun ’yun sa—sa magasin, sa *Life* magasin, sa paniwala ko, *Look* o *Life,* sa tingin ko ay sa *Life*, Itong huling tatlo o apat na taon, haya’t dinadala ng Diyos ang mga Judio pabalik sa lupang tahanan nila, na sila’y dalawang libong taon na wala roon, habang ang mga Gentil ay napipinto na. At ngayon ang mga Gentil ay itinaboy na si Cristo palabas ng iglesya, batay sa Apocalipsis sa ika-3 kabanata. Di nga Siya makapasok pabalik sa Kanyang iglesya. Wala Siyang lugar na mapupuntahan. Itinakwil Siya.

117 At panahon na para sa Pag-agaw. Lahat ng mga tinubos *dito*, itong mumunting mga tuldok dito, ito ’yung pagpaitaas ng mga banal sa pagkabuhay na mag-uli. Kita n’yo, magtitipon-tipon tayo *rito* nang magkakasama. Ang sabi ng Biblia, “Tayo na mga buhay at natitira hanggang sa pagdating ng Panginoon ay di mauuna sa anumang paraan o hahadlang sa mga natutulog.” Manggagaling sila sa lahat ng dako *dito*, *dito*, at *dito*.

118 Paano, Pentecostal na kapatid, paano mo masasabi na silang lahat ay dito lang sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea?

Sila’y—sila’y nangatutulog, dito sa bawat kapanahunan, na naghihintay lang. “At tayo na nabubuhay, ang munti na natitirang pangkat sa dako rito, na natitirang buhay hanggang sa . . . Sa pagparito ng Panginoon ay di makahahadlang sa kanila na mga natutulog; sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, at ang mga namatay kay Cristo ay babangong una; at tayo’y aagawin paitaas kasama nila,” amen, “kasama nila,” *nandito* tayo, *dito* magtatagpo, “para salubungin ang Panginoon sa papawirin.” At hayan nga. Nasaan tayo? *Nandito* na mismo. Saan naputol ang Mesiyas? Eksakto mismo sa dako na sinabi ng Salita. Saan magsisimula ang ikapitumpung sanlinggo na ’yun? Eksakto mismo pagkatapos na ang Iglesyang ito’y inagaw na. Kung ganoon ang Diyos ay babalik na sa mga Judio.

119 Naaalala n’yo ba? Pagkaalis na pagkaalis ng Iglesya. Aalis ang Iglesya, pagkatapos babaling na sa mga Judio, sila na. Pero, unang-una, ang kasunod na bagay nga, ay hindi isang malakihang pambansa—pambansang rebaybal sa gitna ng mga Gentil. Ang kasunod nga, ay ang pagparito ng Kaharian ng Diyos, ang Pagparito ni Cristo.

120 Ngayon, kung gusto n'yo, puwede natin itong balikan ngayon sa Daniel sa ika-2 kabanata, ika-34 na talata at ika-35 talata. At nung ibigay kay Daniel. . . ika-2 kabanata, 34 at 35, noong ibigay kay Daniel ang pangitain na ang mga araw ng kanyang bayan ay tapos na, at sa loob ng isang inilaang panahon, haya't nakita niya ang mga Gentil na pumapasok sa eksena, at nakita ang pangitain patungkol sa napakalaking bato, o itong napakalaking rebulto, na ang ulo ay ginto, at ang dibdib ay pilak, (Ngayon masdan n'yo, papatigas po, pilak papuntang ginto.), kasunod ay mga hitang bakal, o, hitang tanso, at pagkatapos ay bakal na mga paa't mga binti, pero ang daliri sa paa, 'yung sampung daliri sa paa, haya't ang mga daliring 'yun sa paa ay bakal at putik na luto, at ang sabi niya, "Yamang nakita mong ang bakal ay di humahalo sa putik na luto, itong mga kaharian na ito na hati ay hindi magsasama sa isa't isa, pero mahahalubilo ang kanilang mga binhi, na may pagtatangkang sirain ang kapangyarihan ng isa." Kita n'yo?

121 Ngayon, ang nangyari, ang ulo na ginto ay si Nabucodonosor, gaya ng pagkakabigay niya ng interpretasyon dun. Sabi, "May panibagong hari na darating at mas mababa kaysa sa iyo," si Dario, ang Medo-Persia, na papalit sa Gentil na kaharian. Ang susunod na dadating, pagkatapos ng Medo-Persia, ay ano? Ang mga Griyego, si Alexander the Great, at iba pa; sasakupin ng mga Griyego ang kaharian na 'yun. Tapos ano ang sumakop nun mula sa mga Griyego? Mga Romano. At sino ang naghari sa daigdig ng Gentil mula noon? Mga Romano! Ang mga Romano, ngayon, ay ito ngang bakal.

122 Tapos pansinin, mananatili ang Roma hanggang sa huli, dahil umabot nga 'yun hanggang sa dulo ng mga daliri sa paa. At nakita niya ang putik na luto, luwad; at 'yun ay mga tao, putik 'yung bumubuo sa atin. At ang bakal, ang puwersa ng Roma, ay umiiral sa bawat isa sa mga bansang 'yun. At ang Roma ay may puwersa nga sa bawat bansa sa ilalim ng Langit.

123 May isang tao lang sa mundo ang makapagpapatigil ng isang digmaan o makapagpapasimula ng isang digmaan, nang hindi. . . nang isang salita lang. Yun ang papa. Halimbawa't sabihin niya, "Walang Katoliko ang hahawak ng armas." Yun na 'yun, kapatid, magpaliwanag ka man ng kung anu-ano. Ang pinaka malaking bahagi ng daigdig, ng sangka-Cristianuhan, ay ang Katoliko. Kita n'yo? Buweno. Papagsalitain n'yo lang siya ng isang salita, 'yun na 'yun.

124 Kagaya ng sinasabi nila rito, "Sino. . . " Dadako tayo riyan mamaya. "Sino ang makadidigma laban sa hayop? Sino ang makapagsasalita na gaya niya? Sino ang may kakayahan na gawin 'yun? Kung ganoon, gumawa tayo ng larawan ng hayop." Yun 'yung kompederasyon ng mga kaiglesyahan, "gumawa ng larawan na gaya niyaon." Kita n'yo? Gagawing kompederasyon ang mga denominasyon na sila'y pagsasama-samahin, haya't ginawa na nila ito. Oh, nasa kawakasan na talaga tayo. Tunay

mismo, kaibigan. Nandito na tayo sa kawakasan. Kita n'yo? "Gumawa tayo ng larawan ng hayop," na kahawig nun. Ang isang larawan ay isang bagay na kahawig nung isang bagay. Kita n'yo? Ngayon nasa huling panahon na tayo.

125 Ngayon pansinin n'yo rito, sa dulo ng kapanahunang ito. Ngayon, si Daniel, sa ika-2 kabanata, at sa ika-34 at ika-35 talata—talata, pinagmasdan niya ang rebultong ito nang may masusing pagkilatis. At pinagmamasdan niya ito hanggang sa may isang Bato na natapyas mula sa bundok, na di gawa ng kamay, at gumulong Ito pababa at sinagasaan ang rebulto sa paa, at winasak 'yun. Ngayon, hindi nga Iyon sa ulo tumama, hayan nga. Sa paa tumama; ang huling panahon nga 'yan, doon sa sampung mga daliri sa paa.

126 Napansin n'yo ba, dito mismo, noong bago bumaba si G. Eisenhower, ang huling Protestanteng. . . ng Amerika, bago bumaba sa pagka—pagka-Presidente, na sa tingin ko'y wala nang ganito pa. Haya't—haya't noong. . . para ipakita lang, para magising mismo ang mga tao. Noong makipagpulong siya, may. . . Yung huling pakikipagpulong na (kanilang) kanyang dinaluhan kasama ang Rusya, nandun ang limang komunistang bansa ng Silangan na kinakatawan, limang bansa ng Kanluran. Si G. Khrushchev ang pinuno ng mga bansa ng Silangan. Si G. Eisenhower naman ang pinuno ng mga bansa ng Kanluran. At ang Khrushchev, gaya ng pagkakaintindi ko't nabanggit sa'kin, na sa lingguwaheng Ruso, ang ibig sabihin ng *Khrushchev* ay "putik." At ang ibig sabihin naman ng *Eisenhower* ay "bakal," sa Ingles. Hayan nga ang bakal at putik n'yo, na di maghahalo. At hinubad niya ang sapatos niya't ipinukpok 'yun sa mesang talumpatian, at ganoon na nga. Hindi nga maghahalo.

127 Pero dito nga sa panahon na ito ng mga imperyo na ang Bato, ang Bato na tinapyas mula sa bundok, na di ginamitan ng kamay, ay wawasak sa rebulto na ito sa paanan nito. Ngayon, "Natapyas mula sa bundok." Marahil sa bundok na bato. Tinapyas 'yun mula bundok na bato. Ngayon, napansin n'yo ba?

128 Ngayon, mga ministrong kapatid, at mga kapatid na lalaki at kapatid na babae, sa buong mundo. Sa aking pang-unawa, ang unang Biblia na naisulat, haya't isinulat 'yun ng Diyos sa langit, dahil ang mga tao'y kinakailangan ngang tumingala at makikita nila na may isang—isang Diyos sa Langit, na ang Diyos ay nasa itaas nila. At kung mapapansin n'yo doon sa zodiac. . . Ngayon huwag po kayong malihis. . . Kayo po'y manatili lamang dito sa Bibliang ito. Kita n'yo? Mangyari nga, na sa—sa zodiac, ang una sa zodiac, sa pang-unawa ko, ay ang birhen; ang huli sa bilang ng zodiac ay ang Leo na Leon. Yun ang unang Pagparito ni Cristo, sa pamamagitan ng birhen; ang ikalawang Pagparito, ay ang Leon ng lipi ni Juda. Kita n'yo? Tapos may kapanahunan tayo roon ng kanser, at, maging, ang iba pa sa buong zodiac.

129 Ngayon, nalaman natin na may isa pa na naisulat, o isa pa na inilagay, at 'yun ang mga piramide. Napansin n'yo ba sa mga piramide, kung papaanong sa simula, makapal sa ibaba, na parang bundok, na gawa sa solidong bato, tapos kumikitid hanggang sa makarating sa itaas? Pero wala ngang pang-ulo na inilagay sa ibabaw ng piramide, 'yung malaking piramide dun sa Egipto. Tingnan n'yo ang inyong. . .Kung may isang dolyar na papel kayo sa bulsa n'yo, kunin n'yo ang dolyar na papel na 'yan at tingnan n'yo ito. At makikita n'yo rito ang sagisag ng Amerika sa isang bahagi, at sa kabilang bahagi naman ay may, hayan sa ibaba, may piramide. At sa itaas ng piramide, naroon ang pang-ulong bato, pero ito'y may isang malaking mata. At tinawag ito, na makikita sa ilalim ng piramide, "Ang dakilang sagisag." Bakit hindi ang agila ng Amerika ang dakilang sagisag? Haya't sagisag kasi 'yan ng Diyos. Tandaan n'yo, may inaawit-awit tayong munting awitin noon:

Sa pagtahak ko sa kalsada patungo sa tunay na
tahanan ng kaluluwa,
Sa iyo nga'y may nakamasid na Mata;
Sa bawat hakbang na tinatahak, yaong
dakilang Mata'y nakadilat,
Sa iyo nga'y may nakamasid na Mata.

Ganoon nga. Naaalala n'yo, tayo'y may munting—munting pagbubunyi? Sinasabi natin:

Kung ikaw ay nagnanakaw at nandadaya't
nagsisinungaling, tapos sa loob ng simbahan
ay magpapatotoong kaygaling,
Sa iyo nga'y may nakamasid na Mata.

130 Ngayon, ang dakilang sagisag. Ngayon, alam natin, at di ko kuha 'yun, ang pagkakasukat ng piramide. Pero sinasabi ko nga sa inyo nitong huli, sa ilan sa mga pagtuturo na ito na parating, para makita n'yo na tumutugaygay nga ito, nang may paglalakip.

131 Ngayon, 'yung pasimula ng piramide, na sumasagisag sa Iglesya, ay haya't makapal sa ibaba. At habang dumadako sa itaas, nagsisimula nga—nga itong maghugis embudo.

132 Ngayon, nalaman natin, na umabot 'yun sa pinaka tuktok mismo, at di naman nila 'yun nakumpleto. Bakit? Bakit? Bakit nga kaya! Dahil sinasabi ng Biblia na ang Panulukang Bato ay tinanggihan. Kanilang tinanggihan.

133 Ngayon masdan, ang kapanahunang iglesya. . .Pakinggan n'yo nang maigi ngayon. Huwag n'yong palampasin ito. Ang kapanahunan ng iglesya'y nagbuhat dun sa pasimula ng repormasyon, kay Luther, nagbuhat doon sa malaong panahon kung saan inilagak ang pinakapatibayang mga bato, na yaong doktrina ng mga apostol. Pagkatapos nalaman natin, nung umusad ang panahon, mula sa isang kapanahunan papunta sa

isa pa, ang Iglesya'y nagiging mas kakaunti nang mas kakaunti sa pag-usad ng panahon, hanggang sa dumating gaya na lang sa . . . ni Luther na nangaral ng pag-aaring ganap. Tapos, noon lang, magsabi ka lang na Cristiano ka, papatayin ka na nila, panahon ng mga martir, mga martir.

134 Ngayon nakita natin, noong panahon ni Wesley, maituturing ka kaagad na isang holy-roller kapag ipinahayag mo si Cristo, 'yun 'yung bagong metodista. Nagsilabas ang mga tao rito noong dumating si Wesley, at si Ausbury, nagkakaroon sila ng mga pagtitipon dito sa Amerika, kung babasahin mo ang kanilang kasaysayan, kung saan ginagawa nila 'yun sa mga gusali ng paaralan. Hindi sila pinapayagan sa loob ng mga simbahan. At pagkatapos dumako sila sa punto na ang Espiritu Santo'y bumubuhos sa kanila, at natutumba sila sa sahig, at binubuhusan nila sila ng tubig, papaypayan sila ng abaniko, inaakala na nahimatay lang sila. At ako'y nakadalo na sa mga pagtitipon nila mismo, sa limampung taon ko. At nakita ko kung papaanong napapasailalim sila sa kapangyarihan ng Espiritu Santo kagaya nun, at magsasaboy sila ng tubig sa kanilang mukha, at lahat, 'yun 'yung matandang malayang Metodista, maraming mga taon na ang nakararaan. May mga pag-uusig din noon.

135 Ngayon, pagkatapos, matapos na mabuhay ng kapanahunang 'yun, ang kapanahunang Wesleyan, dumating ang kapanahunang Pentecostal dala ang bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo, nagkakaroon ng hugis, sa tuwina. Ngayon alalahanin n'yo, ang Pangulong Bato ay wala pa roon. Bakit? Kanila mismong binigyang-hugis ang Iglesya, o ang piramide sa hugis na lalapat ang Pangulong Bato, pero hindi pa dumating ang Pangulong Bato. Oh, nakikita n'yo marahil ang tinutumbok ko, di po ba!

136 Ngayon, ang pagmi-ministeryo mula kay Luther hanggang sa dulo ng Pentecostes, sa munti't maliit na kakaunting bilang nito ngayon . . . Yan ang dahilan kung bakit halos nawala na ang Ilaw, sa kapanahunang ito, diyan sa kalendaryo, sa tsart. Hayan nga ang pentecostal na kapanahunan, ang pentecostal; hindi—hindi Pentecostal na mga denominasyon, dahil ang ginawa nila'y sadyang tulad ng Laodicea. Sila'y taga-Laodicea. Ang ginawa nila'y parang sa Nicolaita, nag-organisa.

Pero ang tunay na Iglesya, sa buong mundo, ay naghugis na dumating sa punto na may dumating na pagmi-ministeryo sa gitna Nito, katulad mismo ng pagmi-ministeryo ni Jesus Cristo. Ngayon ano nang mayroon sa kanila? Haya't nailagay na nila ang bagay sa isang kalagayan. Ngayon ano nang kasunod? Itong tinanggihang Bato, ng piramide, na tinapyas mula sa bundok na di gawa ng ano? Di gawa ng kamay. Pinadala Ito ng Diyos. Nakikita n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Yaong tinanggihan, ang Bato na tinanggihan, ay siyang ulo Nito;

ang ulo, ang pang-ulong bato. At Yaon mismo na tinanggihan nila, sa kapanahunang Gentil, ay si Cristo. At si Cristo'y hindi tinabas at inilagay dito bilang panghaliling bikaryo, o anak ng Diyos, o kung anong bantog na dignitaryo sa simbahan. Siya ang Espiritu Santo. At ang pang-ulo ng piramide ay ang Cristo na darating. Nakikita n'yo ba? ["Amen."]

137 Ngayon, dahil nasa ganoon silang hugis, (Nakita n'yo kung paanong nakuha ko ang hugis na ito na tulad sa piramide, ang papaitaas na direksyon ng mga banal?) nagmamartsa papunta sa Kaluwalhatian. Nauunawaan n'yo na ba ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Si Cristo, ang Pangulong Bato, ang Bato na tinanggihan, ang Mata na nakakakita-ng-lahat, dumarating gaya ng pagkakasabi mismo ng Biblia. At sabi ni Daniel kanyang pinagmamasdan ang kapanahunang ito ng Gentil hanggang may isang Bato na dumarating mula sa bundok, na di tinapyas ng mga kamay. Hindi sila kailanman naglagay ng pang-ulong bato sa piramide na 'yun. Di 'yun tinapyas gamit ang kamay ng tao. Kamay ng Diyos ang tumapyas sa Bato. Nakikita n'yo ba? ["Amen."] At anong ginawa Nito? Sinagasaan Nito ang rebulto sa paanan nito, at dinurog 'yun na magpira-piraso, pinulbos. Hallelujah! Anong nangyari nung sandali na 'yun, na dumating ang Bato na 'yun? Pumaitaas ang Iglesya patungo sa Kaluwalhatian, sa Pag-agaw, dahil winakasan nito ang dispensasyong Gentil. Winakasan 'yun ng Diyos, sa pagdating nung Bato na 'yun.

138 Dati po may dumadalo rito sa simbahan, na isang munting lalaki at ang maybahay niya. Dala-dala nila ang isang Biblia at inilalapag Ito riyan; at ang ginagawa nila, umaawit ng:

> Oh, hinihintay ko ang Bato na 'yan na Babilonia'y gugulungan,
> Na Babilonia'y gugulungan . . . (Gumugulong, tutumbukin Yun, kita n'yo.)
> Hinihintay ang Bato na 'yan na Babilonia'y gugulungan.

139 Hayan nga Siya! Si Cristo ang Bato na 'yun. Hindi Siya ipinanganak ng tao. Ipinanganak Siya ng Diyos. Dadating Siya para sa isang Iglesya na ipinanganak muli, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, dahil ang lakas ng Pangulong Bato na 'yun ay dumadaloy sa Iglesya, na parang magnet.

140 Naalala ko nung naroon ako sa isang dako, pinapanood ko dun sa kiskisan nung isang beses na 'yun, kung saan may hinuhubog silang mga bagay-bagay dun. At 'yung lahat ng mga tira-tira na naiwan lang sa lapag, at winawalis nila 'yun. Yung malaking bato na 'yun ay dumarating dun at hinihigop 'yun pataas, nung malaking magnet na bato, at hinihigop pataas ang lahat ng 'yun yamang namamagnet 'yun dun.

Marapat lamang na tayo rin ay mamagnet sa Pangulong Bato na 'yun. Ang Pangulong Bato na 'yun ay ang Espiritu Santo, si Cristo. At bawat isa sa atin ay may nananalaytay na magnetismo ng Espiritu Santo. Sa oras na tamaan ng Bato na 'yun ang rebulto, mamamagnet Doon ang Iglesya, pabalik sa Kaluwalhatian. Kukunin Siya paitaas, sa Pag-agaw sa mga banal, sa paglisan Niya sa araw na 'yun.

141 Ngayon, tumingin kayo rito. Nalaman natin, na ang mga Judio ay nagsisibalikan na, nang halos apatnapung taon na, nasa parehong panahon na ginugol hanggang sa ang templo'y wasakin. Inabot sila nang halos apatnapung taon para makabalik, hanggang sa ang isang panibagong templo'y muling itayo. Kita n'yo, nandito na talaga tayo sa dulo ng landas. Buweno, kung ang Gentil . . .

142 Ngayon kunin natin ang . . . Nakikita natin ang Iglesya, ang pagdating ng Bato. Talakayin natin ang huling kapanahunan. Tinugaygay na natin. Nakikita na natin ngayon. Sa palagay ko may naisulat ako rito tungkol diyan. Tingnan lang po natin, pansumandali. "At ang prinsipeng darating, na anticristo, ay makikipagtipan sa mga Judio." At sa Daniel 7 . . . o—o 9:27. "At sa kalagitnaan ng sanlinggo, tatlo at kalahating taon, ang hayop ay makikipagtipan . . . " Gusto kong—gusto kong dakuan 'yan, maya-maya, tungkol sa tipan na 'yan. Siguro'y iwanan na muna natin ito . . . Gusto kong magsimula na rito ngayon.

143 Bawat isa sa mga kapanahunang ito ng Gentil ay di mapapasubalian na pinatunayan ang tungkol sa kanilang mensahero, mensahe, at sa kung ano ang mangyayari.

Itong kapanahunan *ngayon* ay isang maluwalhating kapanahunan.

Yung sumunod na kapanahunan noon, sinabi dun na mayroong tila doktrina, o may bagay dun na nakapasok, na ang tawag ay, "ang—ang mga sabi-sabi ng mga Nicolaita."

Pagkatapos ito'y, sa kasunod, ay naging doktrina na.

Pagkatapos dumating, ang pakikipagkasal ng . . . sa iglesyang Nicolaita, at ang pag-uusig sa mga banal. Nangyari nga ang lahat na ganoon.

Dumating tayo sa kasunod, may kaunti nang Liwanag na nagsisimula. "May kaunti kang lakas, at sa pangalan ikaw ay nabubuhay, ngunit ikaw ay patay. Palakasin mo ang mga bagay na mayroon ka na, yamang Ako'y darating, aalisin ang kandelero."

144 Dumating si Wesley, pagkatapos nun, sa kapanahunan niya. Nakita natin mismo kung ano . . . itong kapanahunan ni Wesley, ano nga uli ang tawag dito? Filadelfia. Ang pinaka dakilang panahon—panahon ng pag-ibig na nagkaroon tayo,

ang kapanahunan ng Filadelfia, ay doon sa panahon mismo ni John Wesley.

Noong matapos na siya, dumating ang Pentecostal, at 'yun ay sala sa init sala sa lamig.

Pagkatapos binalikan natin at nakita natin kung anong uri ng Mensahe ang darating sa mga Pentecostal, sa dulo.

Alalahanin n'yo, bawat isa'y dumarating sa dulo ng kapanahunan. Dumating si San Pablo sa dulo. Ang iba pa sa kanila'y dumating sa dulo, si San Ireneo at lahat ng iba pa. Yung kapanahunan ng isa'y nagpatuloy sa kasunod na isa, mayroong bagtasan, at dinadala niya 'yun dun at tatawid sa kasunod na kapanahunan na dala-dala 'yun. Kita n'yo?

145 Ngayon, nalaman natin, na sa kapanahunang ito, may bituwin, gaya ng mayroon tayo riyan. Mayroon tayong bituwin, mensahero. May isang tao tayo, isang—isang Mensahe na ipinapahayag sa kapanahunan; may mga tao na tatanggi Rito; may mga tao rin na tatanggap Dito. At ang mensahero sa kapanahunan na ito ay darating na may kapangyarihan ni Elias. Ganoon nga. At ang gagawin niya ay "Ipanunumbalik ang Pananampalataya ng mga anak sa mga magulang, dadalhin ang labi ng mga pentecostal, na natira, pabalik sa tunay na apostolikong Pananampalataya."

146 Ngayon, ang tunay na apostolikong Pananampalataya, kung babasahin n'yo Ito sa Aklat ng Mga Gawa, makikita n'yo roon na kailanman wala ni isa na nabautismuhan, "sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo.'" Wala ni isa sa kanila ang winisikan. Wala nga itong mayroon tayo rito na isinasagawa, na ang tawag ay Pentecostal, na nangyari noon. Ang mayroon sila ay tunay na mga pagpapakita, at ang Espiritu ng Diyos ay nasa kalagitnaan nila, na di mapapasubalian na Anak ng Diyos na kumikilos sa kanila.

Itong tao na ito na darating, o itong Mensahe, pala, na darating, ay magiging tulad ni Elias. Si Elias ay inaasahang darating nang tatlong beses.

Ngayon sasabihin n'yo, na, "Si Juan Bautista nga 'yun." Kung mapapansin n'yo, sinabi ni Jesus na si Juan Bautista ang mensahero ng Malakias 3, hindi ng Malakias 4. "Narito, isinusugo Ko ang Aking mensahero sa harapan Ko." Sa palagay ko Mateo 11:6, banda riyan mahahanap n'yo, ika-11 kabanata ng Mateo.

147 Ngayon, pero sa huling mga araw na ito, darating ang isang Espiritu ni Elias sa kalagitnaan ng mga tao, at gagawin niya ang siya ring bagay na ginawa nila noon. Yung kalikasan niya ay siya ngang ganun mismo, magiging ganun din ang kalikasan ng Iglesya. Ang kalikasan nung—nung taong 'yun ay magiging ganun nga mismo. At sa paglaganap ng Mensaheng 'yun, sa pagsusumikap . . . Siya'y kakapootan, ng mga tao. Mapopoot siya

sa kababaihan, na mga matitigas ang ulo, hayan nga, mga masasama. May pagkahilig siya sa ilang; sumpungin, lalaking laging ninenerbiyos, na kagaya ni Elias noon, at kagaya ni Juan noon. At nakikita na natin ang lahat ng mga bagay na ito na nangyayari na. Kung natanggap na natin ang Mensahe, makikita natin si Cristo na tinanggihan. Kailangan ka raw kasing kaanib sa isa sa mga organisasyon na ito o kung hindi'y hindi ka makakapasok sa kanila. Kaya, Siya, Siya'y initsa-puwera't pinalabas. Kita n'yo? Hindi makakikilos si Cristo sa gitna nila.

"Ano ka?"

"Isang Cristiano."

"Sa anong denominasyon ka kaanib?"

"Hindi ako kaanib sa alinman."

"Di ka namin mapapakinabangan."

148 Kita n'yo, tinanggihan Siya. Hayan nga! Kita n'yo, tinanggihan! Ganoon din si Elias na tinanggihan noon, at ganoon din si Juan na tinanggihan. Pero, ano, nakaapekto ba 'yun sa kanila? Nakaapekto ba 'yun sa mensahe nila? Sabi nila, "Oh, kayo na matitigas ang ulo." Talagang idinaluyong nila 'yun sa mga tao. Di sila umurong. Sumulong sila. At kaya ang Mensahe ng Diyos ay magpapatuloy, anupaman ang sabi-sabihin ng iba, kita n'yo, hanggang sa kawakasan, at kapag ang. . . kung ano 'yung itinakda na ay talagang mangyayari. At narito na tayo sa katapusan.

149 Ngayon, heto nga tayo ngayon, sa apatnapung taon ng pagbalik mula nung Unang Digmaang Pandaigdig, at ang mga Judio'y nakabalik na sa kanilang lupang tahanan. Ang Diyos ay di nakikipag-ugnay sa Israel hanggang sa ito'y makabalik sa sarili nitong lupain.

150 Ngayon, naalala n'yo nung makabalik ang mga Judio, 'yung mga Judio na nanggaling pa sa ibang mga bansa, at naglabas ng artikulo ang *Look* magasin tungkol dun. May nabasa akong sipi mula sa isang diyaryo, sa isang pang-relihiyong magasin, na noong sila. . . Nagpunta ang mga eroplanong 'yun doon para sunduin ang mga Judio na nasa dako pa ng Iran. At di ko alam kung saan-saan sila lahat galing, nagkalat po kasi.

Ngayon, hayan sila na mga tunay na Judio, hayan sila na noon ay di kailanman nabigyan ng pagkakataon. Ngayon, kapatid, hayan ang inyong sandaan at apatnapu't apat na libo. Pagdako natin sa Apocalipsis 11, makikita n'yo sila. Sabi Niya, "May labingdalawang lipi (ni Gad), labingdalawang lipi (ni Aser), labingdalawang lipi (ni Ruben), labingdalawang lipi. . . " At saan silang lahat nakatayo? Sa Bundok ng Sinai. Ang mga Judio, na nakabalik na sa kanilang lupang tahanan, sila 'yun.

Hindi itong grupo ng mga manggagantso na nasa Wall Street. Hindi, po. Ang totoong mga Judio lang.

151 At nung ang matandang rabi na ito'y nakatayo roon at nakita niya ang eroplanong ito na lumapag, nakita nung mga Judio. Nabasa n'yo na ito sa magasin. Nag-aararo sila noon gamit ang mga pang-ararong gawa sa kahoy. At nung makita nila ang eroplanong 'yun na lumapag dun, haya't di pa nga nila nilalapitan 'yun nung una. Tumayo ang matandang rabi at ang sabi, "Alalahanin n'yo, ang sabi ng ating propeta, 'Pagbalik natin sa ating lupang tahanan, dadalhin tayo pabalik sa mga pakpak ng agila.'"

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising
na,
Mga tanda na inihula ng mga propeta.

Haya't napipinto na tayong dumating sa ikapitong sanlinggo na 'yun nila.

152 Naisip ko, mismo, sa pagkakatayo roon, noong magpadala si Kapatid na Pethrus ng maliliit na mga Bagong Tipan, at binasa nila ang mga 'yun. Sabi nila, "Buweno, kung ito ang Mesiyas, itulot sa amin—itulot sa amin na makita Siya na magpamalas ng tanda ng Propeta; kung di Siya patay, na Siya'y nabubuhay." Sabi nila, "Yamang nagbangon Siyang muli; nabubuhay Siya sa Kanyang Iglesya; itulot nga sa amin na makita Siya na ipinamamalas ang tanda ng Propeta, at sasampalataya kami sa Kanya." Sa tuwina'y naniniwala ang mga Judio . . . Alam nila na ang Mesiyas ay isang Propeta.

153 At noong nakatayo ako roon at si Kapatid na Arganbright nung araw na 'yun, sa lugar na 'yun, at ang mga Judio na 'yun at nakatayo roon, sabi, "Pumunta lang kayo sa lugar namin, sa mga kababayan namin."

154 Sabi ko, "Sige, ikagagalak ko na magpunta." Gumawa agad ako ng desisyon, nang dali-dali.

155 Nagpunta ako ng Cairo, Egypt. Nung isang gabi bago 'yun, nung makita ko ang eroplano na 'yun na lumapag sa Cairo, bumalik 'yun sa alaala ko. Kaya nung bumalik kami roon, at hawak ko na 'yung tiket ko papuntang Israel, sasalubungin nga nila ako. Sabi ko, "Pumunta kayo, tipunin n'yo ang ilang libo sa mga pinuno. Dalhin n'yo sila sa eroplano kung saan, aalamin natin kung Siya ba'y nananatiling isa pa ring Propeta o hindi. Amen. Buweno, saksihan natin kung anong gagawin Niya." Oh, haya't nasa kamay na nila mismo. Yun ang nais nila. Kung makikita nila 'yun, sasampalatayanan nila.

156 Kaya anong ginawa ko? Nagpunta ako ng Cairo, at handa na nga akong pumunta sana roon. Hawak ko na 'yung tiket ko; halos dalawampung minuto na lang bago magtawag para sumakay. May Bagay na nagsabi, "Hindi pa ngayon. Ang kopa ng mga kasamaan, ng mga Gentil, ay di pa napupuno. Hindi pa

kaganapan sa mga Amoreo. Lumayo ka riyan!" Sa isip-isip ko haya't baka guni-guni ko lang 'yun, at kaya nagpunta ako roon sa likod ng silungan ng eroplano at nanalangin. Sabi, "Lumayo ka riyan ngayon." Pagkatapos dala-dala ko ang tiket ko haya't nagpunta ako sa ibang lugar. Hindi na ako tumuloy, dahil hindi pa oras.

157 Ngayon, 'yung panahon kung kailan ipahihintulot ng Diyos sa mga Judiong 'yun, na magsimulang makipag-ugnay uli sa kanila, 'yan ang di ko masasabi sa inyo. Hindi ko alam. Walang nakakaalam. Pero, pakinggan n'yo, kung ang Israel ay nasa kanya nang lupang tahanan, haya't handa na ang lahat. Lahat ng mga bato'y nakolekta na, at ang irigasyon, ang mga tubigan, at lahat mismo ng ipinangako ng Diyos. Natuklasan nila roon ang mga balon at iba pang bagay, at malalaki't tuluy-tuloy na agos ng mga batis, 'yun ngayon ang pinaka magandang dako na makikita n'yo. May siyudad sila na itinayo roon. May irigasyon sila. Nasa kanila ang pinaka mainam na lupain na mayroon sa mundo, roon. At nalaman natin, na doon pala sa Dead Sea, napakarami palang mineral dun, sapat, para tustusan ang buong mundo. Kita n'yo?

158 Haya't ang lahat ay hulog na hulog sa kanilang kamay. Paano sila naibunsod na gawin 'yun? Mangyari nga na ang puso kasi ni Hitler ay pinatigas, ang puso ni Mussolini ay pinatigas, gaya nga ng kung papaanong ang puso ng Faraon ay pinatigas, at ibinunsod sila na bumalik sa kanilang lupain. At sa loob ng apatnapung taon ay bumabalik sila sa lupain na 'yun. Ngayon naroon na sila, naghihintay.

159 Ang Iglesyang Gentil ay nasa Laodicea na, sa dulo na ng Kapanahunan ng Laodicea. Kung. . .Ang mga Judio'y naroon na sa kanilang lupang tahanan, nandun na. At nagaganap na ang apostasiya ng Gentil. At mayroon na tayong Presidente na tulad ng mayroon tayo. Heto ang bansa natin na di nagkakaisa. May mga bomba atomika tayo na nakaantabay na mismo sa mga silungan ng eroplano. May iglesya tayo na malahininga. Pero may isang Iglesya rin tayo, isang bayan, na naglalakip-lakip na na magkakasama. May pagmi-ministeryo tayo na humahambing sa pagmi-ministeryo ni Jesus Cristo, para masalo ang Bato sa pagdating Nito. Ano na lang ang natitira? Maaaring anumang minuto na ito. Wala na ngang natitira pa. Nasa wakas na tayo ng panahon. Oh, maluwalhati! Hindi ko alam kung maaabutan ko pa ang jubileo na 'yun, o hindi, pero gusto ko nga—gusto ko ngang maging bahagi nun, ano't anuman.

160 Pakinggan n'yo, inyong. . .? Ilan po ang nakakakita na n'yan ngayon? Nakikita n'yo na ba kung saan pinatutunayan ng Kasulatan na ang pitumpung sanlinggo ay apatnapu't siyam na taon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nakikita n'yo na ba na ang animnapu't dalawang sanlinggo ay apatnaraan at tatlumpu't apat na taon? Nakikita n'yo na ba na ang—ang

animnapu't siyam na sanlinggo ay—ay—ay. . .? Ano nga ito? Walong daan at. . .Apatnaraan at—at walumpu't tatlong taon. Apatnaraan at walumpu't tatlong taon hanggang sa panahon na ito. Nakikita n'yo na ba kung saan pinutol ang Prinsipe? Kita n'yo, inabot nga kayo riyan ng apatnapung taon para sila na mga Judio ay makadako sa wakas sa kanilang lupain, kung saan sinabi na ng Diyos.

161 Masdan n'yo rito kung saan tumugaygay ang kapanahunan ng Gentil sa lahat ng bagay na sinabi natin na gagawin nito; haya't, hindi *tayo* ang nagsabi ng gagawin nito; ang Biblia ang nagsabi na gagawin nito. Haya't kung ano mismo ang sinabi ng Biblia na gagawin nito, sa pagsapit nito sa huling kapanahunan; at sa loob ng apatnapung taon ay nagsisibalikan ang mga Judio rito, na naghahanda para sa Diyos na gagawa mismo ng ginawa Niya rito. Umalis sila sa ganoong paraan, at pumapasok sila sa ganoong paraan. At ang Israel ay nakabalik na sa kanyang sariling bayan.

162 Ngayon, kailan sisimulan ng Diyos ang huli nilang sanlinggo? Kailan? Marahil ngayong araw na. Marahil ngayon bago lumubog ang araw pagsapit ng gabi. Diyos ang magdedeklara. Kung kailan ito, hindi ko alam. Iniisip ko rin. Pero may ihahayag lang ako rito na isang bagay, ngayon, pansumandali, at di ko alam kung paniniwalaan n'yo ito o hindi. Pero kailangan ko—kailangan ko—kailangan kong sabihin ito, ano't anuman, sa palagay ko.

163 Tayo'y nasa sariling bayan. Ang mga Judio ay nasa isang sariling bayan. Nandito na tayo sa huling kapanahunan, handa para sa Pag-agaw. Pagdating ng Pag-agaw, papaitaas ang Iglesya, aagawin tayo paitaas para salubungin Siya sa alapaap. Alam nating lahat 'yan. Ang Batong natapyas mula sa bundok, ay nakahanda nang dumating anumang oras. At sa pagdating Nito, anong gagawin Nito? Tatapusin Nito ang kapanahunan ng Gentil. Matatapos mismo, at ang Diyos ay ganap na hihinto sa pakikipag-ugnay sa kanila. "Ang marumi ay magpakarumi pa; ang banal ay magpakabanal pa." Kita n'yo? Anong gagawin Niya kung ganoon? Kukunin Niya ang Kanyang Iglesya, na puspos ng Espiritu Santo.

164 Ano 'yung "marumi"? Ito 'yung natutulog na birhen na haharap sa paghatol, dito sa dako *rito*. Tatalakayin natin 'yan pagdating natin dun sa isa pang tsart, kapag itutuloy natin ito, itong dako kung saan haharap siya sa Luklukang Puti ng Paghatol at kailangang hatulan ng mga tinubos. Sinabi sa atin ni Pablo na huwag dalhin ang isang usapin sa korte, dahil ang mga banal ang hahatol sa sanlibutan. Ganoon nga. Nandito na tayo sa huling panahon, *dito*, ngayon. Sige.

165 At sa kalagitnaan ng sanlinggong ito. . .Ngayon, heto ang pitumpu. Ngayon, kung ang bawat isa nito ay pitong taon ang

katumbas, bawat isa sa mga sanlinggo, at tayo'y mayroon nang animnapu't siyam na sanlinggo, tapos mayroon tayo rito nung kapanahunan ng Gentil, at alam natin na nandito na tayo sa dulo ng kapanahunan ng Gentil, kung ganoon ay sanlinggo na lang ang natitira sa Judio. Tama po ba? At eksaktong pitong taon nga iyon. Kung *ito* ay pitong taon, *iyon* ay pitong taon, sinabi Niya, "May pitumpung sanlinggo na ipinasya sa iyong bayan." Kaya alam natin na itong pitong taon ay para sa mga Judio. Tama ba? Ngayon tingnan n'yo. Kung may tanong lang po, sige't gusto kong malaman. Kita n'yo?

166 Ngayon, at sa kalagitnaan ng sanlinggo, sa gitna ng sanlinggong ito ng Judio; kita n'yo, 'yun ay tatlo at kalahating taon—taon; ang anticristo, ang prinsipe, na isang prinsipe na parating. At alalahanin n'yo, manggagaling siya ng Roma, ang prinsipe na ito na parating. Ano siya? Isang papa. Isang prinsipe sa kalagitnaan ng mga tao, na parating, may isang Faraon na lilitaw na di kilala si Joseph.

167 Ngayon, kayo na mga Protestante'y nagsasabi, "Buweno, ngayon, hayun nga ito." Pero sandali lang po. Nalaman natin na ang mga Protestante ay may organisasyon, nagbuo ng isang kompederasyon ng mga kaiglesyahan, isang lawaran ng hayop, at sumama mismo sa kanila.

168 At nalaman natin na ang mga Judio'y inanyayahan na umanib sa kompederasyon na ito, (siyanga, po), at sila nama'y sumang-ayon. At sinabi ng Biblia na umanib sila. At siya'y gumawa ng pakikipagtipan sa kanila.

Sa gitna ng ikapitumpung sanlinggo, bumali siya, bumali ang anticristo sa tipan niya sa Judio, "sa iyong bayan." Bakit?

At mababasa natin sa Apocalipsis 11, na, "Isusugo Ko . . . " Sa 11. Papunta na kayo sa 19 ngayon. Na magsusugo Siya ng dalawa Niyang propeta, at sila'y magpropropesiya sa panahon na 'yan, at pagkatapos magagalit sila sa mga propetang ito at papatayin pa nga nila. Tama ba? Tapos 'yung patay nilang mga katawan ay mahahandusay sa espirituwal na lansangan na ang tawag ay Sodoma at Gomorra, sa dako kung saan ang Panginoon nati'y ipinako, sa Jerusalem. Tama ba? At mahahandusay sila roon nang tatlong araw at gabi. At pagkatapos ng tatlong araw at gabi, ang espiritu ng buhay ay papasok sa kanila, at sila'y babangunin at paroroon sa Kaluwalhatian. Ikasampung bahagi ng bayan ang magigiba sa oras na 'yan. Tama ba? Kita n'yo? Ano 'yun? Sa kalagitnaan ng huling pitumpung taon.

169 Pagpaitaas ng Iglesya; tapos ang kompederasyon, ang natutulog na birhen, Methodist, Baptist, Presbyterian, at ang sala-sa-init sala-sa-lamig na Pentecostal, lahat sila'y sama-sama sa isang kompederasyon. Na, may malaking rehime na sila ngayon. At kapag ganyan na sila, sila'y makikipagtipan. At, buweno, ngayon, itong bagong papa na mayroon tayo ngayon

ay may pagnanais na madala silang lahat sa pag-anib. Nakikita n'yo ba na papalapit na nang papalapit diyan? Makikipag-usap nang masinsinan, at dadalhin sila sa pag-anib, unang beses sa loob ng daan-daan at daan-daang taon; sanlibong taon, o dalawa, na ngayon pa lang 'yan mangyayari. Pero ngayon kanya ngang titipunin silang lahat na umanib, maisama, at bubuo ng isang kompederasyon, at sa loob nun ay papayag ang mga Judio. Oh, naku! Maluwalhati! Hallelujah! Purihin ang ating Diyos Na nabubuhay nang magpakailan-kailanpaman! Hayan nga! Ngayon, kapatid, simple lang talaga ito, sobrang simple na kahit maliit na bata'y makikita ito. Kompederasyon para madala papasok ang mga Judio, Protestante, at Katoliko, na sama-sama.

At, alalahanin n'yo, ano ang gagawin ng dalawang propeta na ito sa pagdating nila?

170 Itong hayop, itong prinsipe na magpapakalat sa kapangyarihan ng banal na bayan, anong gagawin niya? Siya nga'y babali sa kanyang pakikipagtipan sa kanila. Matapos ang tatlo at kalahating taon, kanyang patatalsikin sila. Ngayon, iniisip ng mga tao na ang komunismo 'yan. Yan ay dahil di pa n'yo. . . Ang Espiritu Santo ay di pa umuugnay sa inyo. Hindi po 'yan komunismo; relihiyon ito. Sinabi ng Biblia, "Magiging sobrang magkalapit na anupa't dadayain ang mismong Hirang kung maaari." Yan mismo ang sabi ni Jesus. Kita n'yo, nandito na tayo sa wakas.

171 Ngayon, itong dalawang propeta na ito, anong gagawin nila? Sina Moises at Elias ito na lilitaw sa eksena. Sasabihin nila sa mga Judiong ito ang kamalian nila. At mula sa grupo na 'yun ng mga Judio na naroon na ngayon, para maging itong sandaan at apatnapu't apat na libo, na tatawagin ng Diyos sa pamamagitan ng mga propetang ito. Ano 'yun? Ang Espiritu ni Elias, mula sa Iglesyang Gentil, na tutugaygay sa iglesyang Judio, tutugaygay roon at tatawag; kasama niya si Moises. Hallelujah! Nakikita n'yo ba? At mangangaral siya ng siya ring Mensahe ukol sa Pentecostes, sa mga Judio na 'yun, na tinanggihan nila ang Mesiyas. Amen! Nakikita n'yo na ba? Yun din ang parehong Pentecostal na Mensahe, na ipangangaral ng dalawang Judio na ito sa kanila. At kamumuhian nila ang dalawang Judio na ito hanggang sa patayin nila sila. At sila'y kamumuhian ng lahat na mga bansa.

At sa gitna ng sanlinggo, na ang dahilan kung paano nila napabangon ang dakila't, makapangyarihan na sandaan at apatnapu't apat na libo. . . Natanggap nila ang Espiritu Santo. At, kapatid, napag-uusapan din lang ang paggawa ng mga himala, haya't sila'y nagpamalas. Pinahinto nila ang kalangitan, at hindi umulan sa mga araw ng kanilang pagpropropesiya; hinagupit ang lupa ng mga salot, sa tuwing nais nila. Sila'y nagpalabas ng mga salot at lahat. Pahihirapan nila ang mga Romano. Pero, sa huli, sila'y papatayin. Ang ating Diyos ay

kakila-kilabot na Diyos kapag Siya'y galitin. Pero alalahanin n'yo, mangyayari 'yun sa ikapitumpung sanlinggo, at ang Iglesya'y naroon na sa Kaluwalhatian, amen, sa Hapunan ng Kasalan na nagaganap. Oo!

172 Ngayon pansinin. Diyan nga natin Siya makikita na bumabalik sa Templong Milenyo dito sa dulo ng kapanahunan ng Judio, "ang pinahiran." Heto na Siya, na nakasakay sa puting kabayo; ang mga nakasunod sa Kanya, ay sakay rin sa mga puting kabayo. *Kabayo*, "mga kapangyarihan." Nararamtan ng puti; dugo, o, damit na inilubog sa dugo; nakasulat sa Kanya, "Ang Salita ng Diyos." Dumarating Siya bilang isang dakilang Mananagumpay, siyanga, po, para ihanda ang Milenyum, dadako roon sa Templo. Maluwalhati! Doon ay kakatagpuin Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, ngayon, pagkatapos ng ikapitumpung sanlinggo rito.

173 Sa ikapitumpung sanlinggo, ito nga'y mangyayari sa ikapitumpung sanlinggo. Sa tatlo, sa gitna nun, babali siya dun, dahil papatayin niya ang dalawang pentecostes na mga propetang ito, siyanga, na humagupit sa lupa.

At, naku, isusumpa Niya ang iglesyang 'yun, at Kanyang tutupukin ito ng apoy. At, naku, ito. . . Masusumpungan natin ito roon, hayun ang mga taong naglalayag na nakatayo roon, nagsasabi, "Sa aba, sa aba ng dakilang imortal na bayan ng Roma, siya'y dumating sa kanyang kawakasan sa isang oras lang." Siya nga'y sasambulat na magpipira-piraso. Alam ng Diyos kung paano magpataw ng mga bagay. At isa sa mga Anghel ay tatanaw roon, at magsasabi, "Aba, ang dugo ng bawat martir kay Cristo ay natagpuan sa kanya," dahil sa pandaraya niya, na nagpupunta't nag-oorganisa, at ginagawa itong lahat na ng kung anu-anong mga bagay, at sinasalaula ang iglesya, at ipinapasok ang kung anu-anong bagay roon, at pinapatay bilang martir ang mga nagsusumikap na ipagtanggol Ito at sila nga'y iwinawaksi.

174 Maluwalhati! Oh, di ko—di ko po alam. Pakiramdam ko—pakiramdam ko—pakiramdam ko'y kaya kong umusad nang umusad. Kita n'yo? Hindi ba't nagagalak kayo dahil sa Liwanag ng Anak, sa paglalakad sa Liwanag ng Anak! Nasaan na tayo, kapatid? Sa huling oras na! Maaaring mangyari na ito, anumang oras. Nandito na tayo!

175 Ang—ang Mensahe ay nakarating na sa panghuling iglesya, iglesya na tinanggihan ang Cristo nito. Ang mga Judio ay nasa kanilang sariling bayan sa takdang haba na 'yun ng panahon, apatnapung taon. Ang bagong siyudad ay itinayo na. Ano na lang ang hinihintay nila? Ang pagdating ng Mesiyas. Kailan ito? Di ko alam. Kapag ang Batong ito'y sumagasa na sa rebulto na ito *rito*, Siya'y nakaalis na; tapos na ang lahat kung ganoon.

176 Ngayon pansinin n'yo rito. Sa kalagitnaan ng sanlinggo, tatlo at kalahating araw . . . o tatlo at kalahating taon, pala, siya ay babali sa kanyang tipan at ibubunsod na ang hain at alay . . . na kanilang pasisimulan na.

Mangyari pa't, babaling sila't magsasabi, "Ngayon, tingnan n'yo, kayong lahat na mga kaiglesyahan. Maaari kayong tanggapin sa larawan na ito ng hayop. Magkakaroon tayo ng pagsasama-sama. Itatakwil natin ang komunismo. Buburahin natin mismo ang komunismo." Kita n'yo? At magagawa nga nila. Kita n'yo? At gagawin nila.

177 Pero ngayon masdan n'yo. At sisimulan, at sisimulan sa ganito, ang araw-araw na pagsamba at ang paghahain ay ipanunumbalik sa siyudad kapag ang templo'y naitayo na muli. At itong prinsipe na darating sa gitna ng sanlinggong ito, ay babali sa kanyang tipan at ipatitigil ang mga pag-aalay. Sabi rito, "Kanyang ipakakalat, ipakakalat." At 'yan ang gagawin niya, at magpapatuloy hanggang sa kawakasan.

178 At pansinin:

> . . . *sa paglaganap ng* kasuklam-suklam upang manira . . .

"Sa paglaganap ng kasuklam-suklam." Ano ang *kasuklam-suklam*? "Karumihan." Kita n'yo? "Upang manira," ano 'yun? "Para magpahinto." Palalaganapin *ito*, para pahintuin *iyon*. Kita n'yo? Ang paglaganap ng kapangyarihan ng Romano, para kubkubin ang lahat na natutulog na dalaga, mga Judio at lahat. "Lahat tayo'y maging Romano o kung hindi'y magiging walang kabuluhan tayo." Siya nga'y babali sa kanyang tipan sa gitna ng sanlinggo.

179 "Paglaganap ng kasuklam-suklam." Kung kasuklam-suklam 'yun sa panahon ni Jesus noon, noong nagpunta roon ang Roma dala-dala ang kanilang propaganda, magiging ganun ding Roma uli, magiging kasuklam-suklam uli sa iglesya.

> . . . upang ibunsod na *masira,* at magpapatuloy hanggang *sa wakas* . . .

Anong gagawin niya? Ipagpapatuloy niya ito hanggang sa wakas, yaong, katapusan nga.

180 Ngayon, Judio, at Romanismo, at Protestantismo ('yan 'yung, natutulog na dalaga), pag-iisahin ang kanilang sarili sa anyo ng kalipunan ng mga kaiglesyahan. At magiging gaya 'yun sa sinabi ni Jesus sa Mateo 24, at mula sa Apocalipsis 13:14.

Sige't kunin natin ang Apocalipsis 13:14, tingnan natin kung ano. Nilagyan ko na ito rito ng tanda, para makita agad, 13:14. Sige, po.

> *At* dinaya *niya ang mga nananahan* sa *lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa* (pagsasama-sama ng mga iglesyang ito) *sa paningin* . . .

> *na sinasabi . . . sa paningin ng hayop; na sinasabi* sa *mga nananahan* sa *lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan* ng *hayop,* na *mayroon ng* nakamamatay *na sugat* ng *tabak at nabuhay.*

181 Ngayon, alam natin, nang walang anino ng pagdududa, kung sino ang tinutukoy na hayop diyan, ang kapangyarihan na 'yun na may sugat na nakamamatay na nabuhay pa. Ito nga'y noong ang paganong Roma ay pinatay, at humalili sa lugar nito ang papal na Roma; noong kitilin ang paganong kapangyarihan, at ang papal na kapangyarihan ay humalili sa lugar nito.

182 Ngayon, ngayon, Apocalipsis 13:14. Si Jesus, sa Mateo 24, ay nagbabala sa kanila ukol dito. "Isang larawan ng hayop."

183 Si Pablo, sa Ikalawang Taga-Tesalonica sa ika-2 kabanata, ika-3 at ika-4 na talata. Kunin natin ito, tingnan natin si Pablo, kung ano ang sinasabi niya tungkol dito. Ang dakilang Espiritu Santo na naroon sa dakilang propeta na ito ng Panginoon, tingnan natin kung ano ang sinasabi niya tungkol dito sa huling araw. Sa Ikalawang Tesalonica, sa ika-2 kabanata po. Sige, po. At simulan natin sa ika-3 talata, sa palagay ko'y dun nga. Sige, basahin na natin ngayon. Pakinggan n'yong maigi, lahat po. Ilan ang naniniwala na si Pablo ay puspos ng Espiritu Santo? Amen. Masdan n'yo rito.

> *Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka't ito'y hindi darating, malibang maunang maganap ang pagtalikod, . . .*

Sinisikap niyang alisin 'yun sa isip nila na darating Siya sa panahon na 'yun. Sabi, "Kinakailangan na may pagtalikod sa Iglesya, una," kita n'yo, tapos pagdating sa Kapanahunang ito ng Laodicea.

> *. . . at ang taong makasalanan ay mahayag, . . .*

"Ang taong makasalanan," di-pagsampalataya sa Espiritu Santo. Na ang di-pagsampalataya ay malantad.

> *. . . ang anak ng kapahamakan;*

Gaya ni Judas, ang ingat-yaman noon ng iglesya.

> *Na* sumasalangsang *at* nagmamataas *laban sa lahat* na *tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't siya'y gaya ng Dios na nauupo sa templo ng Dios, . . .*

Kapatid, may ibang tao ba sa mundo, maliban sa Vatican, na ginagawa 'yan? Nasaan po ito?

184 Ngayon, tumungo tayo rito sa Apocalipsis 13, at ipakikita ko sa inyo na ang taong ito'y nakaupo sa ibabaw ng isang bayan . . . sa isang siyudad, at ang siyudad ay naroon sa ibabaw—sa ibabaw ng pitong burol. At ang bilang ng hayop ay animnaraan at animnapu't anim, na nakasulat sa—sa Latin . . . Romanong alpabeto, na itong animnaraan at animnapu't anim,

ay *VICARIVS FILII DEI*, na ang ibig sabihin, "Sa halip na ang Anak ng Diyos," na nasa luklukan ng papa. At sa kinauupuan niya, may tatlong-patong na korona. At tiningnan ko mismo 'yung korona, malapit 'yung pagkakatayo ko na kasing lapit ng kamay ko sa mukha ko, nang paganito, at—at tiningnan ko 'yung napapalamutihang korona ng papa doon sa Vatican, mismo, tumayo ako't tiningnan ko 'yun, para matiyak ko na alam ko ang sinasabi ko. "Sumasalangsang siya, na nagmamataas ng kanyang sarili laban sa lahat na tinatawag na Diyos, laban sa lahat ng mga taong banal. Kanyang tinuturing na siya ang pinakabanal sa lahat sa kanila; nauupo sa templo ng Diyos, sadyang itinatanghal ang sarili na Diyos siya," nagpapatawad ng mga kasalanan sa lupa, alam n'yo. Ganoon nga.

185 Sabi ni Pablo, "Ang pagtalikwas na 'yun ay kinakailangang dumating una, mahayag ang anak na iyon ng kapahamakan."

> *Hindi baga ninyo naaalaala, na, nang ako'y . . . kasama ninyo, ay sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito?*

186 Oh, gustung-gusto ko nga na maupo roon, pinakikinggan si Pablo na ipinapangaral 'yun, hindi ba't kayo rin? Hum! Gustung-gusto ko talagang mapakinggan siya! Oh, ang ganda!

187 Ngayon anong gagawin niya? "Isang larawan ng hayop." Ikalawang Mga Taga-Tesalonica. Ngayon pakinggan n'yo. Pakinggan n'yong maigi ngayon, pakinggan pong maigi. Napapakiramdaman na ng iglesya ang paglitaw ng papa. Ano 'yun? Ang katapusan ng kapanahunan ng iglesyang 'yun, si Pablo. Nakikita na nila itong bagay ng Nicolaita na umuusbong na; na gagawin ng mga tao itong banal na lalaki, (na maging ano?) maging papa. Ang pagka-makasanlibutan at ang mga aristokrata'y gumagapang na papasok sa kaiglesyahan, at binabago ang kaayusan ng pagsamba. Si Pablo, yamang taglay ang Espiritu Santo, ay nahagip 'yun sa Espiritu. At ang iglesya, dahil sa mga may ranggo nito't mga dignitaryo, mga taong matataas ang katungkulan, at iba pa, haya't nakita nila na may bagay na parating. At binabalaan sila ng Espiritu Santo ukol sa huling mga araw. Hindi n'yo ba naaalala kung papaanong nangusap si Jesus ukol dito? Ang mga gawa ng mga Nicolaita, na humantong na sa pagiging doktrina, at pagkatapos naging organisasyon! Mga kapatid, wala na tayo sa kadiliman ngayon. Alalahanin n'yo, kita n'yo. Nandito na tayo.

188 Ang mga gawa ng mga Nicolaita, nagpapasimula ng organisasyon, ang mga bantog na dignitaryo, at mangingibabaw sa mga kaiglesyahan, at iba pa, pagkatapos binuo ang iglesyang Katoliko. At sinabi ni Pablo na hindi maaaring magkaroon ng wakas ng panahon, di magkakaroon ng ganoong panahon, maliban na magkaroon ng pagtalikwas mula sa tunay, na pentecostal na Pananampalataya. Ang pentecostal na Pananampalataya ay aalisin, at ang mga dignitaryo na

ang maglalagak. May lalaki sila na ilalagay bilang pamalit sa Diyos, mauupo roon sa templo ng Diyos, at sasalungat, na ang sarili'y itinataas sa ibabaw ng lahat ng mga tao gaya nun. At, iyon, kita n'yo, ano 'yun? *Nickao*, "ang karaniwang tao'y pangingibabawan." Kita n'yo? "Sa lahat na tinatawag na Diyos; mauupo siya sa templo ng Diyos, na animo ay Diyos." Sinabi ni Pablo na magkakaroon ng pagtalikwas muna, sa huling mga araw. At heto na tayo, nandito na mismo ngayon, at nakikita ang pagtalikwas na 'yun, at nakikita na ang iglesya ay napapalayo nang napapalayo mula Rito, at bumabalik na muli mismo. At nandito na tayo mismo sa huling panahon. Buweno.

189 Ngayon, kung ang animnapu't siyam na sanlinggo ay lalapat nang ganap, at ang mga Judio ay nasa kanilang sariling lupain na ngayon, at ang kapanahunan ng iglesyang Gentil ay saktong nasa huling panahon na, sa panahon ng Nicolaita. . . o sa panahon na ng Laodicea; gaanong kalapit na kaya tayo sa Pagparito ng Panginoon, sa katapusan ng lahat ng mga bagay, sa katapusan ng kapanahunan na ito, at sa Pag-agaw? Sa sandali na simulan Niya ang ikapitumpung sanlinggo na 'yun, o pitong taon, ang Iglesya'y nakaalis na.

190 Nakikita n'yo ba ito, mga kaibigan? Itaas n'yo ang inyong kamay kung nakikita n'yo na ito. Kita n'yo? Ngayon, huwag po tayong animo'y bata. Huwag na tayong magpalaro-laro pa. Nandito na tayo sa katapusan ng panahon. May bagay na nakaumang nang mangyari. Nandito na tayo sa wakas. Narito na tayo.

191 Ganap ang pagkakalapat nitong animnapu't siyam na sanlinggo; ang paghayo mismo ng mga Judio ay saktong-sakto ang pagkakalapat; ang kapanahunan ng iglesya ay lumapat nang ganap. Nandito na tayo sa wakas na panahon, sa wakas na panahon, ang kapanahunan ng iglesyang Laodicea, ang wakas nito. Naipangaral na ng mga bituwing mensahero ang kanilang mensahe. Nalahad na. Bumabaybay na lamang tayo. Ang mga Judio'y bumabalik na sa loob ng apatnapung taon. Sila'y nasa sariling lupain na.

Ano ang susunod na mangyayari? Ang pagdating nung Bato. Hayan na nga. Anong oras ito mangyayari? Hindi ko po alam. Pero, kapatid, para sa akin, ang nais ko'y handa ako. Nais kong ang aking kasuotan ay handang-handa na.

192 Ngayon, may ilang—may ilang minuto na lang tayo na natitira, at umaasa po ako na makikinig kayo nang taimtim ngayon pansumandali.

Sa sandali na pasimulan Niya ang ikapitumpung sanlinggo, o pitong taon, wala na ang Iglesya. Ngayon pakinggan n'yo. Sinisipi ko lamang, sinisipi ko uli, para di n'yo makalimutan. Ito ang inilagay ng Espiritu Santo sa panulat ko nung sinusulat ko ito. Nandito na tayo sa kapanahunan ng Laodicea. Si Cristo

ay tinatanggihan na ng Kanyang sariling iglesya. Ang bituwin ng kapanahunang ito, ang Mensahe, ay ipinahayag na. At ang Israel ay nasa kanyang lupain na. Nakikita n'yo na ba kung nasaan na tayo? Nandito na tayo sa wakas.

Ngayon, siguro'y isa o dalawang komentaryo na lamang.

193 Lahat ng ito na nakikita natin, ay tutulong sa atin, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, habang sinisikap natin na talakayin sa huli itong Pitong Tatak. Nakikita n'yo ba kung saan tayo maaaring malihis dun? Mula sa Apocalipsis 6:1 hanggang Apocalipsis 19:21, maaari tayong malihis dun, dahil, kita n'yo, ang ginagawa kasi natin dati'y pinagpipilitan natin na ilapat 'yun *doon*, sa kapanahunan na ito ng Gentil; kung saan, kita n'yo, nandito pala ito sa kapanahunan na *ito*. Kita n'yo?

Ngayon, pinatunayan natin ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng kasaysayan, at sa lahat na, at sa pamamagitan ng mga tanda ng panahon, sa mga araw, na wala ng iba pang natitira. Nandito na tayo sa pagwawakas ng mga Gentil. Anong—anong gagawin natin ukol dito? Ang kaluluwa ko at kaluluwa n'yo ang nakasalalay; ang buhay ko at ang buhay n'yo; ang buhay ng ating mga mahal sa buhay. Nawili tayo sa patapik-tapik. Masyadong maraming mga bagay tayo na pahapay-hapay lang tayo. Mainam na umusad tayo. Maaaring huli na kaysa sa iniisip n'yo, tandaan n'yo 'yan.

194 Ngayon, isa pong mabigat na pananalita, kung gusto n'yo pong isulat ito. Pakinggan n'yong maigi, kung maaari. Ito na po ang huli kong komentaryo, kasunod nito; may munti akong bagay rito pagkatapos nito, isang munting punto na gusto kong ipangusap. Ngayon manatili lang po pansumandali at makinig nang maigi, may ibibigay ako sa inyo na may kabigatan, sa pagdako natin dito. Kita n'yo?

Ni wala pa sa lapad ng talim ng isang kutsilyo ang pagitan ng kapanahunan na ito at ang Pagparito ni Cristo. Ang lahat, haya't wala na ngang natitira pa. Ang Israel ba'y nasa kanyang sariling lupain na? Alam natin 'yan. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nandito na ba tayo sa Kapanahunan ng Laodicea? ["Amen."] Naipahayag na ba ang Mensahe ng kapanahunang pentecostal na ito, upang sikaping yugyugin ang mga tao pabalik sa orihinal na pentecostal na Pagpapala? ["Amen."] Ang bawat mensahero ba'y dumating na sa bawat kapanahunan, nang sakto sa kung paano dapat? ["Amen."] Ang mga bansa ba'y laban na sa mga bansa? ["Amen."] Salot? May taggutom ba sa lupain ngayon, na ang tunay na Iglesya'y nagmamaneho mismo nang milya-milya sa paghahangad na makapakinig sa Salita ng Diyos? ["Amen."] "Hindi sa tinapay, kundi sa pakikinig ng Salita ng Diyos." May taggutom na dumating. Tama ba? ["Amen."] Naku't, nabubuhay nga tayo sa gitna nito, dito mismo ngayon. Nakikita n'yo na ba

kung nasaan na tayo? Ang hinihintay na lang natin ay yaong Bato na ’yun.

195 Talagang isang mabigat na pahayag! Mula nung panahong nangako ang Diyos kay Abraham. . .Huwag n’yong palampasin ito. Mula nung panahon na nangako ang Diyos kay Abraham, Genesis 12:3, hanggang sa panahon na si Cristo’y tinanggihan noong A.D. 33, ng mga Judio; ayon sa Mga Taga-Galacia 3:16 at 17, at ayon kay Usher, U-s-h-e-r, kronolohiya ni Usher ukol sa Mga Hebreo; ang kapangyarihan ng Diyos ay naroon sa mga Judio nang eksaktong labing-siyam na daan at limampu’t apat na taon. Ang Diyos ay nakipag-ugnay sa mga Judio nang labing-siyam at limampu’t apat na taon, ayon sa kronolohiya ng mga Judio, at ayon sa Mga Taga-Galacia 3:16 at 17. Mayroon pa akong ibang mga Kasulatan, pero ’yan lang muna ang ibibigay ko.

Tapos, pagkatapos na tanggihan nila si Cristo, bumaling Siya sa mga Gentil, para kumuha ng mga tao para sa Kanyang Pangalan. Nais n’yo ng Kasulatan tungkol diyan, kung nasaan? Mga Gawa 15:14.

196 Ngayon, sa pagbibilang ng panahon, nasumpungan natin na mayroon tayong eksaktong (pakinggan n’yo) labimpitong taon na natitira, at aabot tayo sa siya ring haba ng panahon na ibinigay sa atin, yamang ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa atin sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, magmula A.D. 33 hanggang 1977. Ang siya ring haba ng panahon, na labing-siyam na daan at limampu’t apat na taon, ang Diyos ay nakikipag-ugay sa atin gaya ng kung papaano ang pakikipag-ugnay Niya sa mga Judio. Mantakin n’yo!

197 Ngayon, markahan n’yo sa inyong aklat, isang munting Kasulatan po dito na gusto kong ibigay sa inyo. Levitico 25, simula sa ika-8 talata. Tumatawag ang Diyos ng isang jubileo, tuwing ikaapatnapu’t siyam na taon. Ang ikalimampung taon ay ang jubileo. Alam natin ’yan. Nauunawaan natin ’yan. Mula sa unang jubileo, ng Levitico 25:8, sa 1977 haya’t yan po ang ikapitumpung jubileo, na bubuo nang eksakto sa tatlong libo’t apatnaraan at tatlumpung taon. *Jubileo*, ang ibig sabihin ay, “Pagpanhik! Pagpapalaya!”

> Oh, ating hinihintay ang pagdating ng mabunying Milenyum na parating,
> Kung kailan ang banal nating Panginoon ay darating at ang Nobya Niyang naghihintay palayong aagawin;
> Oh, ang mundo’y humihiyaw, nauuhaw para sa araw na ’yun nang matimyas na paglaya,
> Kapag ang Tagapagligtas nati’y magbabalik na’t darating na muli sa lupa.

198 Nakuha n’yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa atin nang

eksaktong siya ring haba ng panahon na Siya'y nakipag-ugnay sa mga Judio. Mula sa panahon na ibinigay Niya kay Abraham ang pangako, hanggang sa pagtanggi sa Mesiyas noong A.D. 33, ay labing-siyam na daan at limampu't apat na taon. At ngayon may labimpitong taon na lang tayo na natitira. Mayroon na tayong labing-siyam na daan at tatlumpu't ilang mga taon. May labimpitong taon na lang tayo, hanggang '77, na magiging ikapitumpung jubileo mula sa pag-uumpisa ng mga jubileo. At magiging ano nga ito? Oh, kapatid! Masdan n'yo pong maigi ngayon. Huwag n'yong palampasin. Ito'y magiging ang jubileo ng pag-akyat ng Nobyang Gentil, at ang pagbabalik ni Cristo sa mga Judio, panahon na lalabas sila sa pagkaalipin. Amen! Nakikita n'yo ba? Mula sa lahat na mga bansa, tinitipon na sila para sa araw na 'yun. Oh, grabe! Nakikita n'yo na ba kung nasaan na tayo? Di natin alam kung anong oras ito maaaring mangyari. Nandito na tayo sa wakas ng panahon.

199 Ngayon pakinggan n'yo. Sa inyo na matatagal na sa—sa iglesya, na mga matagal nang nandito, gusto kong pansinin n'yo ang isang bagay. Hindi ko po ito alam hanggang nitong kahapon lamang; nakuha ko po ito sa isang mananalaysay ng kasaysayan, na si Paul Boyd, at pagkatapos. . . At tinugaygay ko 'yun sa mga Kasulatan, kinuha itong iba pang mga petsa rito, at iba pa, at kinuha ito, at sinasaliksik ito, tinugaygay ito nang maigi.

200 Ngayon, noong 1933, noong nananambahan pa tayo rito sa templo ng Mason, kung saan ang nakatayo na ngayon ay ang church of Christ, isang umaga ng Abril, bago ako umalis ng bahay, inihahandog ko noon ang sasakyan ko (Nagkaroon ako ng '33 na modelo ng sasakyan, at inihahandog ko 'yun sa gawain ng Panginoon.), at sa isang pangitain, nakita ko ang wakas ng panahon (Ngayon pansinin n'yo kung gaanong katindi po ito, noon po nung ako'y binatilyo pa lang, at alam n'yo naman siguro ang itsura ng isang 1933 na modelo ng sasakyan, ngayon, kung anong itsura nito.), at nagtungo na nga ako noon sa templo ng Mason, kung saan, ang ilan sa inyo na matatagal na rito'y tanda pa ito, nakasulat 'yun sa isang lumang papel, sa bahay, nailimbag na rin 'yun at nakarating na sa buong mundo, kita n'yo, 'yun po'y 1933, at inihula ko na magkakaroon ng isang matinding trahedya rito sa Estados Unidos bago o sa taon na 1977. Ilan po ang nakakaalala na sinabi ko 'yan? Tingnan n'yo ang mga kamay. Tunay.

201 Ngayon masdan, may inihula akong pitong bagay na di pa nangyayari. . . bago itong grabeng pagwawakas o malaking bagay na mangyayari rito sa Estados Unidos, isang kakila-kilabot na bagay.

Sabi ko, ngayon alalahanin n'yo, binanggit ko ito bago pa ito nagsimula noon, sinabi ko na sasabak tayo sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ilan ang nakakaalala na narinig nilang sinabi ko 'yan? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon,

"Amen."—Pat.] Buweno. Ikaawang Digmaang Pandaigdig! Ang sabi ko, "Ang Presidente ngayon ay . . . " Inilipat ko lang ito mula dun sa lumang Pinagsulatan, noon, dun sa lumang pinagsulatan ko noon, na, "Ang Presidente natin ngayon," na si . . . Ilan ang nakakaalala kung sino 'yun noon? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Franklin Roosevelt."] Si Franklin D. Roosevelt. Sabi ko, "Ang Presidente natin ngayon ay tatakbo maging sa ikaapat na termino," nasa una pa lang siya noon, "haya't tatakbo sa kanyang ikaapat na termino, at tayo'y magkakaroon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig."

202 Sabi ko pa, "Ang diktador na sumisikat ngayon sa Italya, si Mussolini, siya'y maluluklok sa kapangyarihan. At pupunta siya sa Ethiopia, at babagsak ang Ethiopia sa kanyang mga yabag." May mga taong nakaupo rito ngayon na nalalaman 'yan, na may grupo ng mga tao na nagpunta at tumayo, noong nagdadaos ako ng pagtitipon sa Redman's Hall sa dakong 'yun nung gabing 'yun, noong magpunta ako roon para ipangaral 'yun, sa Redman's Hall, at akma nga nila akong palalabasin mula sa bulwagan dahil sinabi ko ang bagay na 'yun. [Sinasabi ni Kapatid na babaing Wilson, "Amen. Totoo 'yan."—Pat.] Oo. Oo. Gng. Wilson, alam ko nandun ka . . . Totoo po. Nung sabihin ko 'yun . . . Pero hindi ba't ginawa ng diktador na ito? "Pero," sabi ko, "hahantong siya sa kahiya-hiyang katapusan," at ganun nga ang nangyari sa kanya. Siya at ang babae na kinakasama niya, ay isinabit na nakapatiwarik at ibinitin mismo sa isang lubid sa may lansangan, na ang mga paa nila'y nakataas, 'yung mga damit nila'y nakalaylay pababa. Hayan nga, nangyari po 'yun.

203 At pagkatapos sinabi ko, "Sa pagpapahintulot sa kababaihan na bumoto. Na ganap na isang kahihiyan sa bansa. At, sa pagboto nila, balang araw ay boboto sila ng maling tao." At 'yan ang ginawa nila nitong nakaraang eleksyon. Naku, naku! Bilang apat . . . (Sinabi ko, "Ganoon na lamang ang pag-unlad ng siyensiya . . . ") Hindi, pala, pangatlo 'yan. Pasensya na po.

204 Heto pala ang kasunod, hayan, ikaapat. Sabi ko, "Ang gera natin ay laban sa Alemanya, at magtatayo sila ng matibay na malaking kongkretong moog at magkukuta sila roon, at ang mga Amerikano'y dadanas ng masaklap na paghahagupit." Alam 'yan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na sa harap Niya ako nakatayo ngayon, nakinita ko ang isa-isang mga Nazi na sumisikad sa mga Amerikano na gaya nun, at mga bagay, sa may pader. At marami sa mga kalalakihan na nakatayo rito ngayon ang naroon noon sa Siegfried Line, na nakaranas kung ano 'yun. At alalahanin n'yo, labing-isang taon 'yan bago naitayo ang Siegfried Line. Ang Diyos ba'y tunay? Siya ba'y paunang nagsasabi pa rin ng mga bagay na mangyayari? Masdan. Yun, 'yun ang ikaapat.

205 Ngayon ikalimang bagay. "Ganoon na lamang ang pag-unlad ng siyensiya na anupa't gagawa sila ng kotse na di na mamaneobrahin gamit ang manibela. At ang mga kotse'y patuloy na maghuhugis itlog, hanggang sa kawakasan, wakas ng panahon. Nakinita ko ang isang pamilyang Amerikano na bumabagtas sa daan, sa isang malawak na kalsada, nakasakay sa isang kotse habang nakatalikod sila sa kung nasaan dapat ang manibela, para bang naglalaro sila ng dama o baraha." At mayroon na tayo n'yan. Nasa telebisyon na mismo. Sa *Popular Science*, o *Mechanics*, pala, mayroon na roon. May ganyan na tayong kotse. Kinokontrol ng remote control, ng—ng radar. Di na nga kailangan pa ng manibela sa loob. Pipihitin lang nila 'yung pihitan nang paganito, parang 'yung dayal sa telepono n'yo, at dadalhin na kayo ng kotse n'yo sa kung saan man ito; hindi mababangga, walang kung anong mangyayari, walang makakasagi na ibang kotse. May magnet na dinidistansya ang iba palayo sa iyo. Kita n'yo? Mayroon na sila nito. Oh, naku! Isipin n'yo 'yun. Inihula tatlumpung taon bago 'yun nangyari!

206 Ngayon, dinadala nga tayo n'yan sa pagkahalal kay Pangulong Kennedy.

At itong kotse na ito na pumapasok na sa—sa eksena, anupa't limang bagay (sa pito) ang nangyari na mismo nang eksakto.

207 Ngayon, inihula ko, at sinabi ko na ito, "May nakita akong bantog na babae na tumayo, kamangha-mangha ang itsura, nadadamitan ng tunay na mataas na uri ng maharlikang kulay ube." At may maliit na panaklong akong inilagay dito, "(Siya ay isang bantog na pinuno sa Estados Unidos; marahil ang iglesya Katoliko.)" Isang babae, babae po; di ko alam kung ang iglesyang Katoliko ito. Hindi ko alam. Di ko masabi. Ang bagay lamang na nakita ko, nakita ko na isang babae, 'yun lang.

208 Pero ito po'y bansa ng mga babae. Ang bansang ito ay bilang labing-tatlo, sa propesiya. May labing-tatlong guhit ito, labing-tatlong mga bituwin. Nagsimula ito sa labing-tatlong kolonya. Labing-tatlo, labing-tatlo, lahat ay labing-tatlo. Lumitaw sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis, siyanga rin. Siya ay labing-tatlo. At siya ay isang bansa ng babae.

209 Ang mga korte ng diborsyo sa Amerika ay nagdudulot ng mas maraming diborsyo, ng ating mga kababaihan, kumpara sa lahat ng iba pang bansa. Ang moralidad sa ating bansa ay mas bumaba pa, at ang mga diborsyo, kumpara sa Pransya at Italya, kung saan lantaran ang prostitusyon sa lansangan. Kaya, pero sila nga'y mga babae ng prostitusyon; ang sa atin ay mga kasal na babae na walang pakundangang nakikisama sa iba't ibang mga lalaki, at mga kasal na lalaki na walang pakundangan na nakikisama sa iba't ibang mga babae.

210 Sa mga bansa na pinapayagan ang maraming asawa, aba't mas maayos pa dun. At, sa kabila n'yan, mali ang pagkakaroon

ng maraming asawa, alam natin 'yan. Haya't, ipinapakita lang kung gaano na tayong kababa.

211 May artikulo ako na ginupit mula sa pahayagan, kung saan ipinapakita dun na noong ang mga Amerikano nating tropa ay nagpunta sa ibayong-dagat, nitong huling digmaan, na lampas sa, sa palagay ko, nasa pitumpung porsiyento . . . Aba't, ngayon, sandali lang po, naniniwala ako na tatlo sa apat na pumunta ng ibayong-dagat, ay hiniwalayan ng kanilang asawang babae bago pa sila nakabalik ng bansa. At 'yung malaking pamagat nung balita, "Anong nangyayari sa moralidad ng kababayan nating mga Amerikano?" Naalala n'yo ba nung nakita n'yo 'yun? Lahat kayo'y nakita n'yo, sa palagay ko. "Ano nang nangyari sa moralidad ng ating kababaihang Amerikano?" Nasa mga pabrika sila't, nagtratrabaho dun kasama ng iba pang kalalakihan. Isa nang bansa ng babae. Anong bagay ang magkakaroon siya? Isang babaing diyos, o isang diyosa.

212 Ngayon, tapos, pagkatapos nun, bumaling ako't tumingin. At nakinita ko ang Estados Unidos na nasusunog na parang nagbabaga, nagtalsikan ang mga bato. At nasusunog 'yun na parang sambunton—sambunton na apoy sa troso, o isang bagay na sinilaban ng apoy. At tumingin nga ako sa malayo sa abot ng aking nakikita, at ang bansa nga'y binomba. At pagkatapos umalis na sa akin 'yung pangitain. Lima sa tatlo ang nangyari na . . . o lima sa pito, ang ibig kong sabihin, ang nangyari na.

213 At heto ngang dumating ito at ipinapakita. At pagkatapos humula ako. Hindi ko kailanman sinabi na ang Panginoon ang nagsabi nun sa akin, pero, sa pagkakatayo ko nung umagang 'yun sa iglesya, sabi ko, "Base sa mga nagaganap . . . " Ako nga'y bumaling sa kabilang dulo ng kanilang dingding, at tumakbo dun sa kabilang dingding. Sabi ko, "Base sa mga nagaganap, inihuhula ko na ang panahong . . . Hindi ko alam kung bakit sinasabi ko ito. Pero inihuhula ko na ang lahat ng 'yan ay magaganap sa pagitan ngayong, 1933, at 1977."

At di ko pa alam nun, alam ng Diyos ang puso ko, hindi ko 'yun alam haya't nitong kahapon lang, na ang 1977 pala'y jubileo, at eksaktong ganoon din ang haba ng panahon na ibinigay Niya sa Israel, at lahat ng bagay sa katapusan. Kaya tayo'y nasa . . . At nandito na tayo sa dulo ng panahon, sa pagdating ng ikapitumpung sanlinggo. Hindi natin alam kung anong oras aalis ang Iglesya. Oh, grabe! Anong magagawa natin, mga kaibigan? Nasaan na tayo?

214 Nakikita n'yo na ba kung ano na tayo ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nauunawaan n'yo na ba ang ikapitumpung sanlinggo ni Daniel ngayon? ["Amen."]

Kita n'yo, ngayon, sa pagdako natin sa Mga Tatak at ganoong mga paksa, sa pagbubukas nitong Mga Tatak. Ang una'y lumitaw, isang mangangabayo sa puting kabayo, at may

busog sa kanyang kamay. Masdan n'yo kung sino 'yan. Masdan n'yo ang maputlang kabayo na kasunod niya. Kita n'yo? Masdan n'yo kung sino 'yun, at tingnan n'yo kung paano ang pagdating nila. Masdan n'yo itong sandaan at apatnapu't apat na libo na dumating sa eksena. Masdan n'yo ang natutulog na dalaga sa kanyang paglitaw. Tapos masdan n'yo ang lahat ng mga bagay na ito na magaganap, ang pagbubuhos ng mga Mangkok, ang mga Aba, at tatlong karumal-dumal na espiritu na katulad sa palaka. Masdan n'yo ang mga bagay na 'yun kung papaanong lumalapat 'yun nang tama sa mga salot na 'yun, nang eksakto nung ibuhos ang mga 'yun. Sa tuwing may bubuksan na Tatak, may salot na ibinubuhos, at dumarating ang pagkawasak. At tingnan n'yo kung anong nangyayari na ngayon sa katapusan.

215 At, oh, masdan n'yo itong tatlong propeta . . . o dalawang propeta na ito, sa paglitaw nila rito. Haya't sa kalagitnaan ng sanlinggo, puputulin sila nang ganoon, at pagkatapos ay huhudyat na ang Labanan sa Armagedon. Pagkatapos ang Diyos ay magsisimulang magsalita, Mismo, pagkatapos tatayo Siya at huhudyat na makikipaglaban. Hahagupitin ng mga propetang 'yun ang lupa. Mangangaral sila sa Pangalan ni Jesus Cristo. Magbabautismo sila sa ganoon ding paraan. Gagawin nila ang siya ring bagay na ginawa ng unang mga pentecostal, kung anong ginawa ng mga magulang, at marami ang susunod sa kanila. Pero 'yung bumuo ng kompederasyon, ng organisasyon na 'yun, ay magpapatuloy pa rin, at kahit sa kapangyarihan ng mga propeta'y di 'yun makakalas. At sa dulo sasabihin nila, "Gagawin nating isa nang organisasyon ang lahat." At ilalantad na ng taong ito (ang ano?) ang kasuklam-suklam, ang Romanismo, para ipalaganap ang buong bagay na 'yun, na magbubunsod sa pagkawasak. "Ang kasuklam-suklam na mangwawasak," pagsasanibin ang lahat, "sa karumihan."

216 Naalala n'yo, 'yung matandang ina na patotot na nakaupo sa hayop, nakadamit ng matingkad na pulang gaya nun, 'yung hayop ay may pitong ulo at sampung sungay. Naalala n'yo ba 'yun? "At sa kanyang kamay ay may kopa, ng karumihan ng kanyang kasuklam-suklam." Yun 'yung doktrina na pinaiinom niya sa mga tao. At hayan na, mga kapatid ko. Nandito na tayo sa huling panahon.

217 Munting mga anak, di natin alam, baka wala nang panahon na tayo'y buhay para makabalik pa mamayang gabi. Marahil wala na tayong panahon na tayo'y buhay para magkita-kita pang muli sa susunod. Di ko po alam. Pero, ang katapusan ay talagang napakalapit na, ang katapusan ay sobrang lapit na. Heto ang Kasulatan. Hayan ang lubos, na ganap, na katibayang batay sa Kasulatan.

218 Ngayon, kung may bagay po kayo na di naintindihan, sulatan n'yo lang ako ng maiksing sulat at ipabatid n'yo sa akin ang tungkol dun. Kita n'yo? Sabihin n'yo lang. Sa inyo po na mga

kapatid na nakikinig sa teyp, sa ibang mga lugar, kung may bagay na makatutulong ako, ipabatid n'yo lang sa akin. Marahil kayo po'y di sang-ayon sa akin, at ako ma'y di sang-ayon sa inyong organisasyon; hindi sa inyo, kundi sa sistema ng organisasyon n'yo. Hindi ako laban sa mga Katoliko. Hindi ko sinasabi na di ko gusto ang mga Katoliko, na di ko gusto ang mga tao sa organisasyon. Hindi po 'yan ang sinasabi ko. Mahal ko ang lahat, pero di ako sang-ayon sa sistema na tumatali sa inyo riyan. Yun po 'yun, 'yung sistema nun. Yun po.

219 Hindi ako laban sa bansang Alemanya; sa Nazismo po ako laban. Hindi ako laban sa mga Italyano; laban ako sa— sa Fascismo. At alalahanin n'yo, may isa pa akong hula nung panahon na 'yun, hula lang po ito, at marami sa inyo na mga matatagal na ang tanda pa ito. Ang sabi ko, "May tatlong ismo ang nagtatangkang hawakan ang mundo sa panahon ngayon: Fascismo, Nazismo, at Komunismo." At ano ang sinabi ko? Ang lahat ng ito'y hahantong sa Komunismo.

220 Pagkatapos pinaulit-ulit ko pa nga 'yun sa inyo, "Ituon n'yo ang inyong mga mata sa Rusya." Naalala n'yo? "Ituon n'yo ang inyong mga mata sa Rusya. Hahantong siya sa Komunismo."

At pagkatapos ay hahantong ang lahat, sa dulo, sa Katolisismo. Alalahanin n'yo, ang lahat ay hahantong sa Katolisismo sa huling panahon. Ganoon nga mismo. Yun ang Labanan sa Armagedon, *dito* 'yun, sa pagdating ni Cristo, Mismo.

221 Pero itong tatlong propeta . . . O itong tatlo at kalahating taon, pala, ito'y Apocalipsis 11:3, nabasa n'yo na ito nang maraming beses, "Pagkakalooban Ko ng kapangyarihan ang Aking dalawang saksi, at sila'y magsasalita nang sanlibo't dalawang daan at tatlong-dalawampung araw." Ilan po, ang isang libo't dalawang daan at tatlong-dalawampung araw? Tatlo at kalahating taon. "At sila'y papatayin sa lansangan," sa gitna mismo ng ikapitumpung sanlinggo.

Haya't, nakikita n'yo na ba kung nasaan ang pitumpung sanlinggo ni Daniel? Nakikita n'yo na ba kung saan na tayo nabubuhay? Nandito na tayo sa katapusan, minamahal kong mga kaibigan. Nandito na tayo sa wakas. Ang mga araw . . .

> Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising na,
> Mga tanda na inihula ng mga propeta; (Narito na tayo.)
> Mga araw ng Gentil ay bilang na, (*Heto.*) punung-puno ng pagkabalisa;
> "Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

Awitin po natin:

The day of redemption is near,
Men's hearts are failing for fear;
Be filled with the Spirit, your lamps trimmed and clear,
Look up! your redemption is near.

Oh, grabe! Hindi ba't kahanga-hanga po?

Nations are breaking, Israel awakening,
The signs that the prophets foretold;
The Gentile days numbered, with harrows encumbered,
"Return, O dispersed, to your own."

Ngayon sabay-sabay po:

The day of redemption is near,
Men's hearts are failing for fear;
Be filled with the Spirit, your lamps trimmed and clear,
Look up! Your redemption is near.

Aawitin ko lang sa inyo ang isang munting talata.

False prophets are lying, God's Truth they're denying,
That Jesus the Christ is our God;

Ginagawa nila Siyang isang ikatlong Persona. Alam n'yo 'yan. Pero hindi Siya. Siya'y ang ating Diyos.

But we'll walk where the apostles have trod.

For the day of redemption is near,
Men's hearts are failing for fear;
Be filled with the Spirit, your lamps trimmed and clear,
Look up! Your redemption is near.

222 Hindi ba kayo nagagalak? Manumbalik ka sa Mensahe, kapatid! Manumbalik sa orihinal! Manumbalik sa pentecostes! Manumbalik sa tunay na pagpapala! Manumbalik sa Pangalan ni Jesus Cristo! Manumbalik sa bautismo ng Espiritu Santo! Manumbalik sa mga tanda't mga kababalaghan! Manumbalik sa pentecostes! Lumayo sa organisasyon! Manumbalik sa Espiritu Santo! Siya ang ating Guro.

For the day of redemption is drawing near,
Men's hearts are failing for fear;
Be filled with the Spirit, your lamps trimmed and clear,
Look up! Your redemption is near.

223 Hindi ba't kahanga-hanga? Anong sinabi ng propeta? "Darating ang isang panahon kung kailan, di mo masasabi kung gabi o araw ba." Pagmasdan n'yo na lang kung ano nang

nangyayari ngayon. Kita n'yo? Oh, napakasama, sa pagdaan ng mga kapanahunan ng iglesya!

> But it—it shall be Light in the evening time,
> The path to Glory you will surely find;
> In the water way is the Light today,
> Buried in the precious Name of Jesus.
> Young and old, repent of all your sins,
> The Holy Ghost will surely enter in;
> These evening Lights have come,
> It is a fact that God and Christ are One.
>
> It shall be Light . . .

Sabay-sabay po.

> . . . in the evening time,
> The path to Glory you will surely find;
> In the water way is the Light today,
> Buried in the precious Name of Jesus.
> Young and old, repent of all your sin,
> The Holy Ghost will surely enter in.
> For the evening Lights have come,
> It is a fact that God and Christ are One. (Hindi tatlo; kundi Isa!)

224 Manumbalik sa Mensahe! Manumbalik sa pasimula! Manumbalik sa kung ano ang itinuro ni Pablo! Manumbalik sa bautismo sa paraan na ng nagbautismo siya! Nakita niya noon ang mga taong nabautismuhan sa ibang paraan; sinabi niya sa kanila na dumulog uli't mabautismuhan muli. Sabi niya, "Kung may Anghel mula sa Langit, na mangangaral ng iba, Siya ay masumpa." Kaya, manumbalik mismo sa Mensahe uli, kaibigan! Oras na ng gabi.

225 Oh, ganoon na lamang ang pag-ibig ko sa Kanya, diba't kayo rin? Ilan ang nakakakita na sa ikapitumpung sanlinggo ni Daniel ngayon, at nakikita kung ano itong ikapitumpung sanlinggo? Ilan po ang naniniwala rito? Magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Amen! Purihin ang Diyos!

226 Ngayon, ano nang kasunod? Ang Pitong Tatak na ngayon. Dadako tayo riyan, kapag pahintulutan na ng Panginoon. Kung kailan 'yan, di ko po alam. Basta't sa oras na ihatid na Niya ito, haya't tayo'y dadako mismo roon. Mangyari nga na magdadaos tayo ng mahaba't, mahabang pagtitipon, dahil ang sakop nun ay mula ika-6 na kabanata hanggang ika-19, para matugaygay lahat, at dahil sa mabagal ko 'yung tatalakayin.

227 Ngayon, ayaw ko pong may uuwi na mali ang pagkaunawa rito. Umaandar pa po ang teyp. Ayaw ko pong may mali ang pagkakaunawa rito. Huwag pong mali ang pagkakaunawa n'yo ngayon, at sasabihin, "Sinabi ni Kapatid na Branham na si Jesus ay darating daw sa 1977." Wala po akong sinabi na ganyang bagay. Si Jesus ay marahil darating na ngayon. Pero hinuhula

ko nga na sa pagitan ng ’33 at ’77 ay may bagay na mangyayari, na ang mga bagay na ito na nakita kong nangyari, sa pangitain, ay magaganap. At lima rito ang naganap na. At naniniwala ako, na sa mga atomikang bagay na mayroon tayo ngayon . . .

228 At nakita n’yo ba kung ano itong kasasabi lang ng ating Presidente? May intensyon na magkagiyera uli. Gusto niyang sampulan ang—ang Berlin, sabi niya. Gusto niyang sampulan. Mangyari rin itong Cuba rito na nasa bakuran lang natin? Bakit di ’yun ang sampulan? Ano nga ’yun? Oh, kahibangan! Kita n’yo?

229 Oh, kapatid, sadyang nandito na tayo sa wakas. Sila nga’y . . . Mangyayari’t mangyayari nga ito sa paraan na sinabi mismo ng Diyos na mangyayari, kaya ano pang—ano pang saysay ng gagawa ka ng ibang bagay maliban sa pagbabasa sa kung anong sinabi Niya, at lalagay sa wasto, at paghahandaan ito. At hayaan itong mangyari, siyanga. Hinihintay na natin ito.

We’re watching for the coming of that glad Millennium day,
When our blessed Lord shall come and catch His waiting Bride away;
Oh, the earth is groaning, crying for that day of sweet release,
When our Saviour shall come back to earth again.

Oh! Our Lord is coming back to earth again,
Yes, our Lord is coming back to earth again,
Oh, Satan will be bound a thousand years,
We’ll have no tempter then,
After Jesus shall come back to earth again.

Ilan dito ang handa na? Itaas n’yo ang kamay n’yo. Oh, grabe!

Oh! Our Lord is coming back to earth again,

Tumayo lamang tayo at makipagkamay sa isa’t isa.

Our Lord is coming back to earth again,
Oh, Satan will be bound a thousand years,
We’ll have no tempter then,
After Jesus shall come back to earth again.

Oh! Our Lord is coming back to earth again,
Yes, our Lord is coming back to earth again,
Oh, Satan will be bound a thousand years,
We’ll have no tempter then,
After Jesus shall come back to earth again.

Jesus’ coming back will be the answer to earth’s sorrow and cry,
For the knowledge of the Lord shall fill the earth, the sea and sky;

God shall take away all sickness and the suffering tears will dry,
After Jesus shall come back to earth again.

Oh! Our Lord is coming back to earth again,
Yes, our Lord is coming back to earth again,
Oh, Satan will be bound a thousand years,
We'll have no tempter then,
After Jesus shall come back to earth again.

230 Oh, grabe! Hindi ba't ang gaan ng pakiramdam n'yo? Isadiwa n'yo, mga kaibigan, ito'y pentecostes, sumamba tayo! Ito po'y pentecostes. Ipalakpak natin ang mga kamay natin at awitin ito. Mga Pentecostal, lahat, huwag maging tuod, alisin n'yo 'yang lumang Metodistang pagka-pormal sa inyo ngayon. Halina, tayo po'y umawit!

Oh! ang Panginoon nati'y magbabalik darating dito sa lupa muli,
Yes, our Lord is coming back to earth again,
Satan will be bound a thousand years,
We'll have no tempter then,
After Jesus shall come back to earth again.

Oh! Our Lord is coming back to earth again, (Sinasabi mismo ng Biblia!)
Yes, our Lord is coming back to earth again,
Satan will be bound a thousand years,
We'll have no tempter then,
After Jesus shall come back to earth again.

Iniibig n'yo ba Siya? Sige. Iiniibig ko Siya. *I Love Him*, sige po Kapatid na babaing Gibbs. Oh, itaas lang natin ang ating mga kamay ngayon sa Kanya.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation (Saan? Dito sa Kalbaryo.)
On Calvary's tree.

I love Him, (Maluwalhati!) I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

*Ang Ikapitumpung Sanlinggo Ni Daniel* TAG61-0806
(The Seventieth Week Of Daniel)
Serye ng Ang Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 6, 1961 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org